

OPISYAL NA PATNUBAY PARA SA BOTANTE

PANGKALAHATANG HALALAN SA CALIFORNIA

IKA-2 NG NOBYEMBRE 2004

IPAHAAYAG MO ANG IYONG KURO

KARAGDAGAN

MAGPAREHISTRO

MATUTO

BUMOTO

► IPABILANG ANG IYONG BOTO

Magparehistro bilang Permanenteng Botanteng Nagpapadala Lamang

Upang matanggap mo ang iyong balota sa koreo sa bawa't halalan, magrehistro sa www.MyVoteCounts.org.

► PUMILI NANG MAY SAPAT NA IMPORMASYON

Basahin sa loob ang mga isyu sa estado na nasa balota

► IPAHAAYAG MO ANG IYONG KURO

Bumoto sa Martes, ika-2 ng Nobyembre 2004


Ang mga botohan ay bukas mula 7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi sa Araw ng Halalan.

KATIBAYAN NG KATUMPAKAN

Ako, si Kevin Shelley, Sekretaryo ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na nakalagay dito ay iaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa lahat ng dako ng Estado ng California sa ika-2 ng Nobyembre 2004 at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-28 araw ng Agosto 2004.

Kevin Shelley


Sekretaryo ng Estado



SEKRETARYO NG ESTADO



Mahal Kong Kapwa Botante:

Ito ang “Karagdagang” Patnubay para sa mga Botante. Ito'y nagtataglay ng mga importanteng impormasyon ukol sa mga panukalang-batas na inilagay ng huli sa balota at di napasama sa pangkaraniwang Patnubay para sa Botante. Mangyaring siguraduhin na mayroon kayo ng nasabing dalawang Patnubay.

Ito'y magiging isa sa pinakamakahulugang halalan sa maraming taon. Ang boto mo ay maaaring siyang magpapasiya. Alam natin lahat na marami sa mga kamakailang halalan ay nakasalig sa kakaunting boto. Tiyakin na madidinig ang boses mo sa pamamagitan ng pagboto sa ika-2 ng Nobyembre.

Ang isa sa mga pinakamadaling paraan kung paano masiguradong mabibilang ang iyong boto ay ang pagboto sa pamamagitan ng koreo. Sa taong ito, maaari ka ding maging isang Permanenteng Botanteng Nagpapadala Lamang ng boto sa pamamagitan ng koreo. Sa pamamagitan ng paghahain ng hiling para sa isang balota ng permanenteng botanteng nagpapadala lamang, awtomatiko kang makaboboto sa pamamagitan ng koreo sa bawa't halalan. Maaari ka nang humingi ngayon ng isang balota ng botanteng nagpapadala lamang kung bisitahin mo ang aming website sa www.MyVoteCounts.org o sangguniin ang iyong lokal na opisyal sa halalan. Huwag kang mag-antala. Ang ika-26 ng Oktubre ay ang huling araw ng paghiling ng isang balotang ipinapadala lamang, ngunit upang masigurado na matatanggap mo ang iyong balota sa nararapat na panahon dapat kang humiling sa lalong madaling panahon.

Tandaan mo, taga-California ka—kabilang ang iyong boto!

myVote
COUNTS

MGA NILALAMAN

	PAHINA
Batas sa mga Karapatan ng Botante	2
Kabuuran ng Mga Panukala sa Balota	3
<hr/>	
PANUKALA PAMBATASANG SUSOG SA KONSTITUSYON	
1A Pagkalinga ng mga Kita ng mag Lokal na Pamahalaan	4
<hr/>	
INISYATIBONG SUSOG SA KONSTITUSYON	
65 Mga Pondo, Kita ng Lokal na Pamahalaan. Mga Kautusan ng Estado. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon.	10
<hr/>	
Teksto Ng Mga Iminumungkahing Batas	16
Mga Petsang Dapat Tandaan	19
Hindi Mo Ba Mahanap Ang Lugar Kung Saan Ka Nararapat Bumoto?	20
Proceso Ng Pagboto Ng Mga Nagananais Bumoto Bagamat Di Makkapunta Sa Lugar Ng Botohan	21

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. May karapatan kang bumoto kung ikaw ay isang balidong nakarehistrong botante.
Ang balidong nakarehistrong botante ay isang mamamayan ng Estados Unidos na residente ng estadong ito, na hindi kukulangin sa 18 taong gulang at wala sa bilangguan o hindi pinalayang may pasubali dahil sa pagkahatol ng isang peloni, at nakarehistro upang bumoto sa kanyang kasalukuyang tirahan.
2. May karapatan kang bumoto nang pangsamantala kung ang pangalan mo ay hindi nakalista sa listahan ng botante.
3. May karapatan kang bumoto kung ikaw ay naroroon at nakapila sa lugar ng pagbobotohan bago magsara ang mga botohan.
4. May karapatan kang bumoto nang lihim at nang walang pananakot.
5. May karapatan kang tumanggap ng bagong balota kung sa palagay mo'y nagkamali ka bago mo hinarap ang iyong balota.
Kung, sa kahit na anumang panahon bago ka wakas na bumoto, madama mo na ika'y nagkamali, may karapatan kang ipagpalit ang nasirang balota at tumanggap ng bagong balota. Ang mga botanteng nagpapadala lamang ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa isang opisyal ng halalan bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan.
6. May karapatan kang tumanggap ng tulong sa pagboto kung hindi ka makaboto nang walang tulong.
7. May karapatan kang ibalik ang kompletong balota ng botanteng nagpapadala lamang sa anumang presinto sa county.
8. May karapatan kang tumanggap ng mga babasahin ukol sa halalan sa ibang wika kung may sapat na dami ng mga naninirahan sa iyong presinto na nagbibigay-katwiran sa paglimbag nito.
9. May karapatan kang magtanong tungkol sa mga pamamaraan sa halalan at subaybayan ang proseso ng halalan.
May karapatan kang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan sa halalan at tumanggap ng sagot o papuntahin sa nararapat na opisyal upang makatanggap ng sagot. Gayunman, kung ang walang lubay na pagtatanong ay nakasasagabal sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin, maaaring hindi ipagpatulov ng lupon o mga opisyal ng halalan ang pagsagot sa mga tanong.
10. May karapatan kang isumbong ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa isang opisyal ng halalan sa iyong pook o sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado.

Kung sa palagay mo ay ipinagkait sa iyo ang anuman sa mga karapatang ito, o kung may nalalaman kang anumang pandaraya o kasamaang-asal sa halalan, mangyaring tawagan ang Sekretaryo ng Estado sa lihim at walang bayad na

TAWAGAN PARA SA PAGKALINGA NG BOTANTE
1-800-339-2957

Sekretaryo ng Estado | Estado ng California

KABUURAN NG MGA PANUKALA SA BALOTA

PANUKALA

1A

Pagkalinga ng mga Kita ng Lokal ng mga Pamahalaan

Kabuuran

Sinisigurado na ang mga kinita mula sa mga lokal na buwis sa ari-arian at buwis sa pagbibili ay nananatili sa lokal na pamahalaan, na siyang gagarantiya ng pagpopondo ng pambayang kaligtasan, kalusugan, mga aklatan, mga parke, at mga ibang lokal na serbisyo. Maaaring bininin ang mga tadhana kung magpahayag lamang ang Gobernador ng isang pangangailangang pampananalapi at sumang-ayon ang dalawang-pangatlong bahagi ng Lehislatura. Epekto sa Pananalapi: Mas marami ang kikitain ng mga lokal na pamahalaan kung ito'y isasakatuparan, posibleng aabot sa mga bilyun-bilyong dolyar taun-taon sa paglipas ng panahon. Ang anumang lokal na epekto sa kikitain ay magreresulta sa mas mababang pondo para sa estado nang gayong ding halaga.

Ano Ang Kahulugan Ng Iyong Boto

Oo

Ang pagboto nang **OO** sa panukala na ito'y nangangahulugan na: Magiging makahulugan ang pagtatakda ng kapangyarihan ng estadong magamit ang mga pondo ng mga lokal na pamahalaan.

Hindi

Ang pagboto nang **HINDI** sa panukala na ito'y nangangahulugan na: Hindi maaapektuhan ang kasalukuyang kapangyarihan ng estadong magamit ang mga pondo ng mga lokal na pamahalaan.

Mga Pangangatwiran

Sang-ayon

Ang Panukala 1A ay isang katangi-tanging kasunduan ng dalawang partido na pumipigil sa Estadong kunin at gamitin ang mga lokal na buwis, na ginagamit ng mga lokal na pamahalaan upang tugunan ang sunog at biglaang pangangailangang pangkalusugan (paramedic), pagpapatupad ng batas, pangangalagang pangkalusugan at mga ibang mahalagang serbisyo. Sumali ka kay Gobernador Schwarzenegger, sa mga bumbero at mga nagpapatupad ng batas. **IPAGTANGGOL ANG MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN.** Bumoto nang OO sa 1A.

Di sang-ayon

Ang Panukala 1A ay nagbibigay sa mga lokal na politiko ng kapangyarihang gumastos nang walang pakundangan sa kanilang ginagastos. Pinahihintulutan nito ang Estado na permanenteng salakayin ang mga buwis sa ari-arian ng mga distritong pampaaralan, ngunit hindi ginagalaw ang mga buwis sa ari-arian ng mga lungsod at mga county. Permanente nitong itinatag ang halaga ng lokal na buwis sa pagbibili sa Saligang-Batas at pinipigilan ang Lehislaturang pababain ito.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Sang-ayon

Yes on 1A Californians to Protect Local Taxpayers and Public Safety
1121 L Street, Suite 803
Sacramento, CA 95814
800-827-9086
info@yesonprop1A.com
www.yesonprop1A.com

Di sang-ayon

Carole Migden, Chairwoman
State Board of Equalization
601 Van Ness Ave., #E3-611
San Francisco, CA 94102

PANUKALA

65

Mga Pondo, Kita ng Lokal na Pamahalaan. Mga Kautusan ng Estado. Pambatasang Susog sa Konstitusyon.

Kabuuran

Kailangan ng pagpapatibay ng mga botante upang bawasan ang mga kikitain mula sa lokal na kabayaran/ buwis. Pinahihintulutan ang pagkatigil ng kapangyarihan ng estado kung walang natiyak na halagang ibabalik ng estado sa lokal na pamahalaan sa loob ng 180 araw pagkatapos ng pananagutan. Epekto sa Pananalapi: Mas marami ang kikitain ng mga lokal na pamahalaan kung ito'y isasakatuparan, posibleng aabot sa mga bilyun-bilyong dolyar taun-taon sa paglipas ng panahon. Ang anumang lokal na epekto sa kikitain ay magreresulta sa mas mababang pondo para sa estado nang gayong ding halaga.

Ano Ang Kahulugan Ng Iyong Boto

Oo

Ang pagboto nang **OO** sa panukalang-batas na ito'y nangangahulugan na: Magiging makahulugan ang pagtatakda ng kapangyarihan ng estadong magamit ang mga pondo ng mga lokal na pamahalaan. Sa maraming kaso, hindi maaaring baguhin ng estado ang mga pondo ng mga lokal na pamahalaan nang walang pagpapatibay ng mga botante sa isang halalang ginanap sa buong estado.

No

Ang pagboto nang **HINDI** sa panukalang-batas na ito'y nangangahulugan na: Ang estado ay patuloy na makababago sa mga pondo ng mga lokal na pamahalaan nang walang pagpapatibay ng mga botante sa isang halalang ginanap sa buong estado.

Mga Pangangatwiran

Sang-ayon

Iniharap ng aming samahan ang Panukala 65 sa mga botante, ngunit kami'y tumatangkilik na ngayon sa Panukala 1A— isang mas mabuti, mas naiaangkop na alternatibo upang ipagtanggol ang pagpopondo para sa mga lokal na nagbabayad ng buwis at mga lokal na serbisyo para sa kaligtasan ng taong-bayan. Sumali ka kay Gobernador Schwarzenegger, sa mga pulis, bumbero, tagapangalaga ng kalusugan, at mga lider ng mga lokal na pamahalaan. Bumoto nang Oo sa Panukala 1A. At HINDI sa Panukala 65.

Di sang-ayon

Iniharap ng aming samahan ang Panukala 65 sa mga botante, ngunit kami'y tumatangkilik na ngayon sa Panukala 1A— isang mas mabuti, mas naiaangkop na alternatibo upang ipagtanggol ang pagpopondo para sa mga lokal na nagbabayad ng buwis at mga lokal na serbisyo para sa kaligtasan ng taong-bayan. Sumali ka kay Gobernador Schwarzenegger, sa mga pulis, bumbero, tagapangalaga ng kalusugan, at mga lider ng mga lokal na pamahalaan. Bumoto nang Oo sa Panukala 1A. At HINDI sa Panukala 65.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Sang-ayon

Walang impormasyon ukol sa pagsangguni.

Di sang-ayon

Walang impormasyon ukol sa pagsangguni.

PANUKALA
1A

PAGKALINGA NG MGA KITA NG MGA LOKAL NA PAMAHALAAN.

OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN

Inihanda ng Abugado Heneral

Pagkalinga ng mga Kita ng mag Lokal na Pamahalaan

- Ipinagtatangol ang lokal na pagpondo ng pambayang kaligtasan, kalusugan, mga aklatan, mga parke at mga ibang lokal na serbisyo.
- Ipinagbabawal na bawasan ng Estado ang halagang nalikom ng mga lokal na pamahalaan mula sa buwis sa ari-arian.
- Pinahihintulutang pigilin ang pagpapairal ng mga tadhana kung magpapahayag lamang ang Gobernador ng isang piskal na pangangailangan at sang-ayunan ng dalawang-pangatlong bahagi ng Lehislatura ang pagpigil. Dapat muling bayaran ang mga pondong pinigil sa loob ng tatlong taon.
- Nag-aatas din na manatili ang mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili sa lokal na pamahalaan at igastos sila para sa mga lokal na layunin.

Nag-aatas sa Estadong pondohan ang mga pambatasang utos sa mga lokal na pamahalaan o pigilin ang kanilang pagpapairal.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Makabuluhang pagbabago sa kapangyarihan ng estadong gamitin ang mga lokal na pondo. Mas marami ang kikitain ng mga lokal na pamahalaan kung ito'y isasakatuparan, posibleng aabot sa mga bilyun-bilyong dolyar taun-taon sa paglipas ng panahon. Ang anumang ganitong lokal na epekto sa kikitain ay magreresulta sa mas mababang pondo para sa estado nang gayong ding halaga.

Huling Boto ng Lehislatura sa SCA 4 (Panukala 1A)

Asamblea:	Oo 64	Hindi 13
Senado:	Oo 34	Hindi 5

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Pagpondo ng Lokal na Pamahalaan

Ang mga lungsod, mga county at mga espesyal na distrito sa California ay nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng pagkalinga sa sunog at pulisya, tubig, mga aklatan at mga parke at mga programang panlibangan. Ang mga lokal na pamahalaan ang siyang nagbabayad para sa mga programa at serbisyong ito na gamit ang salaping nanggagaling sa mga lokal na buwis, bayad at mga kabayaran ng gumagamit (user charges); tulong mula sa estado at pederal na pamahalaan; at ibang pinanggagalingan. May tatlong buwis na may malaking bahaging ginagampanan sa lokal na pananalapi sapagka't lumilikom sila ng makahulugang kita na may kalakarang hangarin na maaaring gamitin ng mga lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga iba't-ibang uri ng programa at serbisyo. Ang tatlong buwis na ito'y ang buwis sa ari-arian, ang pare-parehong lokal na buwis sa pagbibili at ang bayad para sa lisensya ng sasakyan (vehicle license fee o VLF). Maraming lokal na pamahalaan ang nagpapataw din ng mga opsiyonal na lokal na buwis sa pagbibili at paggamit ng mga kitang ito upang tangkilikin ang mga tiyak na programa tulad ng transportasyon. Ang Figura 1 ay nagbibigay ng kaalaman ukol sa mga ganitong nangungunang pinanggagalingan ng kita.

Kapangyarihan ng Estado Sa Lokal na Pananalapi

Ang Saligang-Batas ng Estado at mga umiiral na batas ay nagbibigay sa Lehislatura ng kapangyarihang pamahalaan ang mga buwis na inilapigura sa Figura 1. Halimbawa, ang Lehislatura ay may ilang kapangyarihang baguhin ang mga halaga ng buwis; mga bagay na dapat sumailalim sa pagbubuwis; at ang pamamahagi ng mga kita sa buwis sa mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanan. Ginagamit ng estado ang kapangyarihang ito para sa maraming layunin, kasama ang pagtaas ng pagpondo ng mga lokal na serbisyo, pagbaba ng gastusin ng estado, pagbaba ng pagbubuwis, pagtugon sa mga pagkabahala hinggil sa pagpondo ng mga tiyak na lokal na pamahalaan at pagbago ng pamamahagi ng lokal na pananalapi. Inilapigura sa Figura 2 ang ilan sa ikinilos dati ng Lehislatura.

Pangangailangang Magbayad para sa mga Utos ng Estado

Ang Saligang-Batas ng Estado ay karaniwang nag-aatas sa estadong bayaran ang mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanan kapag ang estado ay "nag-uutos" ng isang bagong lokal na programa o mas mataas na antas ng serbisyo. Halimbawa,

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

FIGURA 1

FIGURA 1 MGA BUWIS NG LOKAL NA PAMAHALAAN

Buwis sa Ari-arian

- Ang mga lokal na pamahalaan ay tumatanggap ng mga kitang may pangkalahatang hangarin mula sa 1 porsiyentong buwis sa ari-arian na ipinapataw sa ari-arian lupa't bahay.
- Noong 2003–04 taong piskal, nakatanggap ang mga lokal na pamahalaan ng humigit-kumulang sa \$15 bilyong kita mula sa buwis sa ari-arian. (May karagdagang \$16 bilyong buwis sa ari-arian ang napunta sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.)
- May malaking pagkaka-iba-iba sa bahagi ng mga buwis sa ari-arian natanggap ng bawat isang lokal na pamahalaan. Ang pagkaka-iba-ibang ito'y unang-una'y nagpapakita ng mga pagkakaiba sa mga halaga ng buwis sa ari-arian ng iba't-ibang lokal na ahensiya sa gitna ng mga taong 1970, isang panahon kung kailan nakabatay ang mga batas ng estado sa pamamahagi ng buwis sa ari-arian.

Bayad para sa Lisensiya ng Sasakyan (VLF)

- Ang VLF ay isang buwis na ipinapataw taun-taon sa halaga ng mga sasakyang nakarehistro sa estado.
- Sa loob ng mga kalahating dantaon, ang halaga ng VLF ay 2 porsiyento ng halaga ng sasakyan. Noong 1999, nag-umpisa ang Lehislaturang pababain ang halagang sinisingil sa mga may-ari ng sasakyan, at ang estado ang siyang "bumabalikat" sa mga nagreresultang kawalan ng kita ng lungsod at county.
- Noong 2003–04, ang VLF (itinakda sa halagang 0.65 porsiyento ng halaga ng sasakyan) at ang pagbabalik ng VLF ay dapat nagbigay ng mga \$5.9 bilyon sa mga lungsod at mga county. Gayunman, ipinagpaliban ng estado ang pagbayad ng isang bahagi ng pagbabalikat hanggang sa 2006.
- Alinsunod sa kasalukuyang batas, karamihan sa mga kita mula sa VLF ay ipinapamahagi sa mga county para sa mga programang pangkalusugan at mga serbisyong pambayan. Ang ilang kita mula sa VLF ay ipinapamahagi sa mga lungsod para sa mga pangkalahatang layunin.

Lokal na Buwis sa Pagbibili (Pare-pareho)

- Ang mga lungsod at mga county ay tumatanggap ng mga kita galing sa pare-parehong lokal na buwis sa pagbibiling ipinapataw sa presyo ng pagbili ng karamihan sa mga produkto—tulad ng damit, mga kotse at pagkain sa restoran. Ang buwis na ito'y paminsan-minsang tinatawag na "Bradley-Burns" na buwis sa pagbibili.
- Noong 2003–04, ang buwis na ito'y ipinataw sa isang halagang 1.25 porsiyento at nakalikom ng mga \$5.9 bilyon.
- Alinsunod sa kasalukuyang batas, 80 porsiyento ng mga kita mula sa buwis sa pagbibili ay ipinapamahagi sa mga lokal na pamahalaan batay kung saan nangyari ang pagbebenta—sa isang lungsod kung ang pagbibili'y nangyari sa loob ng mga hangganan nito, o sa isang county kung ang pagbibili ay nangyari sa isang di-nakarehistrong (unincorporated) na lugar. Ang natitirang 20 porsiyento ng mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili ay ipinapamahagi sa mga county para sa mga layuning pangtransportasyon.
- Mag-umpisa sa 2004–05, ang mga lokal na pamahalaan ay tatanggap ng mga karagdagang buwis sa ari-arian na papalit sa ilang mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili na ipinangako bilang pambayad sa pagkakautang sa mga bonong kaugnay ng depisit ng estado, na pinagtibay ng mga botante noong Marso 2004.

Lokal na Buwis sa Pagbibili (Opsiyonal)

- Ang mga lungsod at mga county ay maaaring magpataw ng ilang mga karagdagang buwis sa pagbibili para sa mga lokal na layunin.
- Noong 2003–04, nagpataw ang 40 hurisdiksiyon ng mga ganitong opsyonal na buwis sa pagbibili at nakalikom sila ng mga \$3.1 bilyon.
- Ang karamihan sa kita ay ginamit para sa mga layuning pangtransportasyon.

nag-aatas ang estado sa mga lokal na ahensiya na ipaskil ang mga panukala ng kanilang mga pagdinig. Bilang utos, dapat bayaran ng estado ang mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanan para sa mga ginastos nila sa pagpaskil ng mga panukalang ito. Dahil sa kahirapa ng pagbabadyet ng estado, hindi nag-atas ang estado noong mga kamakailang taon ng pagbayad ng maraming inutos na gastos. Sa ngayon, ang estado ay may utang sa mga lokal na ahensiyang ito na \$2 bilyon para sa mga ginastos noong nauunang taon sa mga programang inutos ng estado. Sa ibang kaso, "bininbin" ng estado ang mga utos ng estado, at inalis ang pananagutan ng lokal na pamahalaang sundin ang utos at ang pangangailangan ng pagbayad ng estado ng mga gastos.

MUNGKAHI

Pagtatakda ng Kapangyarihan ng Lehislaturang Baguhin ang mga Lokal na Kita

Ang panuntunang ito ay nagbabago sa Saligang-Batas ng Estado upang makahulugang bawasan ang kapangyarihan ng estado magamit ang mga malalaking pinanggagalingan ng kita ng mga lokal na pamahalaan.

FIGURA 2

MAHAHALAGANG KILOS NG ESTADONG NAKAKAAPEKTO SA LOKAL NA PANANALAPI

Pagtaas ng Pagpondo ng mga Lokal na Serbisyo. Noong 1979, inilipat ng estado ang isang nagpapatuloy na bahagi ng buwis sa ari-arian inilalalan sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan patungo sa mga lokal na pamahalaan (mga lungsod, mga county, at mga espesyal na distrito). Itinakda ng paglilipat na ito ang mga pagbabawas sa mga programa ng lokal na pamahalaan pagkatapos ng kawalan ng kitang resulta ng pagsasabatas ng Panukalang-batas 13, ngunit pinataas nito ang mga gastusin ng estado upang balikatin ang kawalan ng buwis sa ari-arian ng mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.

Pagbawas ng Gastusin ng Estado. Noong 1992 at 1993, inilipat ng estado ang isang nagpapatuloy na bahagi ng mga buwis sa ari-arian inilalalan sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan. Noong 2004, pinagtibay ng estado ang isang magkatulad na paglilipat sa loob ng dalawang taon ng mga buwis sa ari-arian (\$1.3 bilyon taun-taon) na inilalalan sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan. Ang epekto ng mga paglilipat na ito'y nabawasan ang mga rekurso ng mga lokal na pamahalaan at nabawasan ang mga gastusin ng estado. Nabawasan din ng estado ang mga gastusin nito sa pamamagitan ng pagpapaliban ng mga bayad sa mga lokal na pamahalaan para sa mga kabayarang inutos ng estado (lalung-lalo na noong 2002, 2003 at 2004) at para sa isang bahagi ng "pagbabalik" ng bayad para sa lisensiya ng sasakyan (VLF) (2003) na inilalarawan sa ibaba.

Pagbawas ng Pagbubuwis. Nag-umpisa noong 1999, binawasan ng estado ang halaga ng VLF upang makapagbigay ng ginhawa sa buwis. Binalik ng estado ang nagreresultang kawalan ng kita ng mga lungsod at county.

Pagtugon sa mga Pagkabahala Hinggil sa Pagpondo para sa mga Tiyak na Lokal na Pamahalaan. Noong dati, inakma-akma ng estado sa iba't-ibang beses ang taunang pamamahagi ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian at VLF upang matulungan ang mga lungsod na tumanggap ng mga napakaliit na bahagi ng lokal na buwis sa ari-arian.

Pagbabago ng Pamamahagi ng Lokal na Pananalapi. Noong 2004, pinalitan ng estado ang mga kita ng pagbabalik sa VLF para sa mga lungsod at county ng mga buwis sa ari-arian inilipat mula sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

Batay sa pamantayang, ipinagbabawal sa estadong:

- *Bawasan ang mga Halaga ng Lokal na Buwis sa Pagbibili o Baguhin ang Paraan ng Pamamahagi.* Ipinagbabawal ng panukala sa estadong: bawasan ang anumang halaga ng lokal na buwis sa pagbibili, itakda ang umiiral na kapangyarihan ng lokal na pamahalaang magpataw ng isang halaga ng buwis sa pagbibili, o baguhin ang pamamahagi ng mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili. Halimbawa, ipinagbabawal sa estadong bawasan ang halaga ng pare-pareho o opsiyonal na buwis sa pagbibili ng isang lungsod o magpatibay ng mga batas na lumilipat ng mga buwis sa pagbibili mula sa isang lungsod patungo sa county kung saan ito naroroon.
- *Ilipat ang mga Buwis sa Ari-ariang Inilalaan sa mga Lokal na Pamahalaan Patungo sa mga Paaralan o mga Kolehiyong Pampamayanan.* Karaniwang ipinagbabawal ng panukala sa estadong ilipat sa mga paaralan o mga kolehiyong pampamayanan ang anumang bahagi ng kita sa buwis sa ari-ariang ipinapamahagi sa mga lokal na pamahalaan para sa anumang taong piskal batay sa mga batas na may bisa noong ika-3 ng Nobyembre 2004 at pagkatapos. Itinatadhana din ng panukala na ang anumang pagbabago sa paraan ng pamamahagi ng kita sa buwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan sa loob ng isang county ay dapat sang-ayunan ng dalawang-pangatlong bahagi ng mga kasapi ng dalawang kapulungan ng Lehislatura (sa halip ng mga botong nakararami). Halimbawa, ang mga kilos ng estadong naglipat ng isang bahagi ng kita sa buwis sa ari-arian mula sa isang lokal na espesyal na distrito patungo sa pangalawa, o mula sa isang lungsod patungo sa county, ay mangangailangan ng pagpapatibay ng dalawang-pangatlong bahagi ng dalawang kapulungan ng Lehislatura. Sa wakas, ipinagbabawal ng panukala sa estadong bawasan ang kita mula sa buwis sa ari-ariang ibinibigay sa mga lungsod at mga county bilang kapalit ng mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibiling inilipat sa estado at ipinangako upang mabayaran ang utang sa mga bonong kaugnay ng depisit ng estadong sinang-ayunan ng mga botante noong Marso 2004.
- *Bawasan ang mga Kita sa VLF nang hindi Nag-aalok ng Kapital na Pagpopondo.* Kung bawasan ng estado ang halaga ng VLF at bumaba ito nang mas mababa sa kasalukuyang antas, inaatas ng panukala sa estadong mag-alok sa mga lokal na pamahalaan ng mga kapantay na kapalit na kita. Inaatas din ng panukala sa estadong mamahagi ng kita sa VLF sa mga programang pangkalusugan at mga serbisyong pampamayanan ng county at mga lokal na pamahalaan.

Ang panukala ay may dalawang makahulugang kataliwasan sa mga katakdaan sa itaas hinggil sa mga buwis sa pagbibili at ari-arian. Una, sa umpisa ng 2008–09, maaaring ilipat ng estado sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan ang isang limitadong halaga ng mga kita sa buwis sa ari-arian ng lokal na pamahalaan kung: ipahayag ng Gobernador na ang paglilipat ay kailangan dahil sa isang malubhang pinansiyal na paghihirap sa estado, sinang-ayunan ng dalawang-pangatlong boto ng dalawang kapulungan ng Lehislatura ang paglilipat, at matugunan ang ilang ibang kondisyon. Dapat bayaran ng estado ang mga kawalan ng buwis sa ari-arian ng mga lokal na pamahalaan, at ang tubo, sa loob ng tatlong taon. Pangalawa, pinahihintulutan ng

panukala ang estadong sang-ayunan ang mga kusang-loob na pagpapalitan ng mga kita sa lokal na buwis sa pagbibili at buwis sa ari-arian ng mga lokal na pamahalaan sa loob ng isang county.

Mga Utos ng Estado

Binabago ng panukala ang Saligang-Batas ng Estado at nag-aatas sa estadong pigilin ang pagpapairal ng ilang batas ng estadong lumilikha ng mga utos sa anumang taon kung kailan hindi buong mabayaran ng estado ang mga ginastos ng mga lokal na pamahalaan upang sundin ang mga utos. Sa ibang mas detalyadong salita, sa umpisa ng ika-1 ng Hulyo 2005, inaatas ng panukala sa estadong buong pondohan ang bawa't utos na umaapekto sa mga lungsod, mga county at mga espesyal na distrito, o pigilin ang pagpapairal ng mga tadhana ng utos para sa taong piskal. Ang tadhanang ito ay hindi maiaangkop sa mga utos na kaugnay ng mga paaralan o mga kolehiyong pampamayanan, o sa mga utos na kaugnay ng mga karapatan ng empleado. Waring pinalalawak din ng panukala ang mga kalagayan kung saan may pananagutan ang estadong bayaran ang mga lungsod, mga county at mga espesyal na distrito dahil sa kanilang pagsunod sa mga bagong kautusan ng estado. Sa ibang mas detalyadong salita, ayon sa panukala ang isang utos ay isang kilos ng estadong lumilipat sa mga lokal na pamahalaan ng pananagutang pinansiyal para sa isang kinakailangang programa kung saan ang estado ay may dating buo o bahagyang pananagutang pinansiyal. Alinsunod sa kasalukuyang batas, ang ilan sa mga ganitong paglilipat ng mga pananagutang pinansiyal ay hindi maaaring ituring na utos ng estado.

Mga Kaugnay na Tadhana sa Panukala 65

Ang Panukala 65 sa balotang ito ay nagtataglay ng mga magkatulad na tadhanang umaapekto sa pagpopondo at mga utos ng lokal na pamahalaan. (Ang kahon sa tabi ay may mababasang kaalaman ukol sa mga makabuluhang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga panukalang ito.) Tiyak na sinasabi ng Panukala 1A na kung ito at ang Panukala 65 ay parehong sinang-ayunan, at ang Panukalang 1A ay nakatanggap ng mas maraming botong "oo", hindi magkakabisa ang anuman sa mga tadhana ng Panukala 65.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Babawasan ng Panukala 1A ang kapangyarihan ng estadong gamitin ang mga lokal na pondong. Sa paglipas ng panahon, magkakaroon ito ng mga makahulugang epekto sa pananalapi ng mga pamahalaan ng estado at pook, ayon sa inilalarawan sa ibaba.

Mga Pangmatagalang Epekto sa Pananalapi ng Pook at Estado

Mas Mataas at Mas Matatag na Kita ng Lokal na Pamahalaan. Dahil sa bilang at kalakhan ng mga dating kilos ng estadong umaapekto sa mga lokal na buwis, ang mga katakdaan ng panukalang ito sa kapangyarihan ng estadong magpatibay ng ganitong mga panukala sa hinaharap ay posibleng magkakaroon ng malaking piskal na epekto sa mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, ipinagbabawal ng estadong magpatibay ng mga panukalang permanenteng lumilipat ng mga buwis sa ari-arian mula sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan upang bawasan ang mga gastusin ng estado sa mga programang pang edukasyon. Sa mga kasong ito, ang panukalang ito ay magresulta sa pagiging mas matatag—at mas mataas— ng mga kita ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

PANUKALA 1A AT 65

Parehong binabago ng Panukala 1A at 65 ang Saligang-Batas ng Estado upang makamitam ang tatlong pankalahatang hantungan hinggil sa pananalapi ng pamahalaan ng estado at pook. Ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang panukalang ito ay binigyang-diin sa ibaba.

Nagtatakda sa Kapangyarihan ng Estadong Bawasan ang mga Pangunahing Kita mula sa Lokal na Buwis

Epekto sa Badyet ng Estado para sa 2004–05.

- Ang mga katakdaan ng *Panukala 65* ay maiaangkop sa mga kilos na ginawa ng estado noong nakaraang taon at, sa gayon, pipigilin nitong magkabisang isang mahalagang komponente ng planong pambadyet ng 2004–05 (isang paglilipit ng buwis sa ari-arian may halagang \$1.3 bilyon noong 2004–05 at muli noong 2005–06), maliban na lamang kung sang-ayunan ng mga botante ng estado sa susunod na eleksiyong gaganapin sa buong estado.
- Ang mga katakdaan ng *Panukala 1A* ay maiaangkop sa mga hinaharap na kilos ng estado lamang, at pahihintulutan nitong mangyari sa dalawang taong ito ang pinapanong paglilipit ng buwis sa ari-arian may halagang \$1.3 bilyon.

Epekto sa mga Hinaharap na Badyet ng Estado.

- Pinahihintulutan ng *Panukala 65* ang estadong baguhin ang mga malalaking kita sa lokal na buwis upang magkaroon ng piskal na benepisyo ang estado, ngunit nang may pagsang-ayon ng mga botante ng estado lamang.
- Ipinagbabawal ng *Panukala 1A* ang mga ganitong pagbabago ng estado, maliban sa mga limitado at pangmadaliang paglilipit ng mga lokal na buwis sa ari-arian. Dapat bayaran ng estado ang mga kawalang ito ng buwis sa ari-arian ng mga lokal na pamahalaan sa loob ng tatlong taon.

Bumabawas sa Kapangyarihan ng Estadong Muling Ipamahagi ang mga Kinita sa Buwis sa mga Lokal na Pamahalaan

Epekto sa Pamamahagi ng Kita.

- Karaniwang kinakailangan ng *Panukala 65* ang pagpapatibay ng mga botante ng estado bago mabawasan ng estado ang mga kinita ng anumang tiyak na lokal na pamahalaan mula sa buwis sa ari-arian, pare-parehong lokal na buwis sa pagbibili o bayad para sa lisensiya ng sasakyan (VLF).
- Ipinagbabawal ng *Panukala 1A* sa estadong bawasan ang mga kinita ng anumang lokal na pamahalaan mula sa mga lokal na buwis sa pagbibili, ngunit pinananatili nito ang ilang kapangyarihan ng estadong baguhin ang pamamahagi ng mga kita sa buwis sa ari-arian, mga kita sa VLF at mga ibang buwis. Ang *Panukala 1A* ay walang kasamang pangangailangan ng pagpapatibay ng mga botante ng estado.

Mga Naaapektohang Lokal na Pamahalaan.

- Ang mga katakdaan ng *Panukala 65* ay maiaangkop sa mga lungsod, mga county, mga espesyal na distrito at mga ahensiya ng muling pagpapaunlad (redevelopment agencies).
- Ang mga katakdaan ng *Panukala 1A* ay hindi maiaangkop sa mga ahensiya ng muling pagpapaunlad.

Nagtatakda sa Kapangyarihan ng Estadong Mag-utos sa mga Lokal na Pamahalaan nang walang Pagbabayad

- Binibigyang-kapangyarihan ng *Panukala 65* ang mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanang magpasiya kung susundin ba nila o hindi ang isang kautusan ng estado kung hindi buong bayaran ng estado ang mga lokal na gastos.
- Ang mga tadhana pang-utos ng *Panukala 1A* ay hindi maiaangkop sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan. Kung hindi pondo ng estado ang isang utos sa anumang taon, dapat alisin ng estado ang tungkulin ng lokal na pamahalaang isakatuparan ito para sa parehong panahong ito.

lokal na pamahalaan kaysa sa mga kitang matatanggap kung hindi ito isasakatuparan. Hindi alam kung gaano mas lalaki ang mga lokal na kita. Ito'y babatay sa mga hinaharap na kilos ng estado. Gayunman, batay sa mga dating kilos ng estado, ang pagtaas na ito ng mga kita ng lokal na pamahalaan ay maaaring umabot sa bilyun-bilyong dolyar taun-taon. Ang mga mas malaking lokal na kitang ito ay maaaring magresulta sa mas malaking paggasta sa mga lokal na programa o mga mas mababang lokal na kabayaran o buwis.

Mas Mababang Pondo para sa mga Programa ng Estado. Ang epekto ng panukala sa mga pondo ng estado ay karaniwang kabaligtaran ng epekto nito sa mga lokal na pondo. Sa madaling salita, ang panukalang ito'y maaaring magresulta sa mas maliit na pondong magagamit para sa mga programa ng estado kaysa sa mga pondong magagamit kung hindi ito isasakatuparan. Ang pagbabawas na ito ay makakaapekto sa paggasta at/o mga buwis ng estado. Halimbawa, sapagka't hindi maaaring permanenteng gamitin ng estado ang mga buwis sa ari-arian ng lokal na pamahalaan bilang bahagi ng kalutasang pag-uusol pinansiyal ng estado, mangangailangan ang Lehislaturang magpatupad ng mga alternatibong kilos upang lutasin ang mga kahirapang pag-uusol pinansiyal ng estado —tulad ng pagtaas ng mga buwis sa estado o pagbawas ng paggasta sa mga ibang programa ng estado. Gaya ng lokal na epekto, ang kabuuang piskal na epekto ay maaaring umabot din sa bilyun-bilyong dolyar taun-taon.

Mas Maliit na Pagbabago sa Kita ng Bawa't Lokal na Pamahalaan. Itinatakda ng Panukala 1A ang kapangyarihan ng estadong muling ipamahagi ang mga kita sa lokal na buwis upang matugunan ang mga pagkakahala hinggil sa pondo ng mga tiyak na lokal na pamahalaan o upang baguhin ang pamamahagi ng pondo ng lokal na pamahalaan. Halimbawa, hindi maaaring pagtibayin ng estado ang mga panukalang bumabago sa paraan kung paano ipinapamahagi sa mga lungsod at mga county ang mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili. Bukod dito, ang mga panukalang muling bumahagi ng mga buwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan sa isang county ay mangangailangan ng pagsang-ayon ng dalawang-pangantong bahagi ng mga Kasapi ng bawa't kapulungan ng Lehislatura (sa halip ng mga botong nakararami). Bilang resulta, ang panukalang ito'y magresulta sa mas kakaunting pagbabago sa mga kita ng lokal na pamahalaan kaysa sa mga kitang matatanggap kung hindi ito isasakatuparan.

Epekto sa mga Lokal na Programa at Pagbabayad ng Estado

Sapagka't waring pinalalawak ng panukala ang mga kalagayan kung saan dapat bayaran ng estado ang mga lokal na ahensiya, maaaring pataasin ng panukala ang mga hinaharap na gastusin ng estado o baguhin ang mga hinaharap na kilos ng estado hinggil sa mga lokal na programa o mga programang sama-samang pinopondohan ng estado at lokal na pamahalaan. Habang hindi posibleng tiyakin ang halagang dapat ibayad sa mga lokal na ahensiya para sa mga posibleng kilos ng estado sa hinaharap, batay sa aming pagsusuri ng mga panukala ng estadong pinagtibay noong dati, ang mga mas mataas na gastusin sa pagbabayad ng estado, sa paglipas ng panahon, ay maaaring lumampas ng isang daang milyong dolyar taun-taon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 1A

PANUKALA 1A—ISANG DI-KARANIWANG KASUNDUAN UPANG IPAGTANGGOL ANG MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT MGA MAHAHALAGANG SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN.

Ang Panukala 1A ay isang di-karaniwang kasunduan ng dalawang partido at ng mga lokal na pamahalaan, mga lider sa pambayang kaligtasan, Lehislatura ng Estado, at ng Republikanong Gobernador na si Arnold Schwarzenegger. Ito'y isinulat ng Demokratikong Senador ng Estado na si Tom Torlakson.

Pinipigilan ng Panukala 1A ang Estado na kunin at gamitin ang pondong kailangan ng mga lokal na pamahalaan upang magkapagbigay ng mga serbisyo gaya ng pagtugon sa sunog at paramedikong pangangailangan, pagpapatupad ng batas, pangangalagang pangkalusugan, mga parke at mga aklatan.

Ang mga sumusunod na tao at grupo ay humihimok na bumoto nang OO:

- si Gobernador Schwarzenegger
- Ang Kontroler ng Estado na si Steve Westly
- Ang mga Propesiyonal na Bumbero ng California
- Ang Kapisanan ng mga Hefe ng mga Bumbero ng California
- Ang Kapisanan ng mga Hepe ng Pulisya ng California
- Ang Kapisanan ng mga Siyerip ng Estado ng California
- Ang Kapisanan ng mga Publikong Ospital at mga Sistemang Pangkalusugan ng California
- Ang Liga ng mga Lungsod sa California
- Ang Kapisanan ng mga Espesyal na Distrito sa California
- Kapisanan ng mga County sa Estado ng California

ANG PANUKALA 1A AY KAILANGAN UPANG PIGILIN ANG ESTADONG KUNIN ANG PONDO NG LOKAL NA PAMAHALAAN.

Mas higit sa isang dosenang taon nang kinikuha ng Estado ang mga lokal na buwis na ginagamit ng mga lokal na pamahalaan upang makapagbigay ng mga napakahalagang serbisyo—mas higit sa \$40 bilyon noong nakaraang 12 taon. Kahit na sa mga taong may mga sobra sa pag-uukol pinansiyal ng estado, kinukuha-kuha pa rin ng Estado ang bilyun-bilyong dolyar mula sa mga lokal na buwis.

Ang mga pagsalakay na ito ng Estado ay nagresulta sa mas kakaunting bumbero, mas kakaunting pulis, mas matagal na paghintay sa mga emergency room—o mga mas mataas na lokal na buwis at kabayanan.

IPINAGTATANGGOL NG PANUKALAN 1A ANG KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN, BIGLAANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT MGA IBANG LOKAL NA SERBISYO.

Ginagamit ng mga lokal na pamahalaan ang nakararaming bahagi ng kanilang badyet upang makapagbigay ng mga importanteng serbisyo, kasama ang:

- Pagkalinga laban sa sunog
- Paramedikong pagtugon
- Pagpapatupad ng batas
- Paggamot ng biglang pangangailangan
- Pangangalagang pangkalusugan
- Mga parke at mga aklatan

Muling pinapasigla din ng mga lungsod at mga county ang mga

kabayanan at lumilikha ng mga trabaho at abot kayang matitirhan na ginagamit ang pagpopondo ng ahensiya ng muling pagpapaunlad. Ang mga kita ng mga ahensiya ng muling pagpapaunlad mula sa pagtaas ng buwis ay ipinagtatanggol na ng Saligang-Batas ng Estado at hindi na pangangailangan ang mga ito ng karagdagang pagtanggol ng Panukala 1A.

IPINAGTATANGGOL NG PANUKALA 1A ANG MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT HINDI NITO PATATAASIN ANG MGA BUWIS.

Hindi patataasin ng Panukala 1A ang mga buwis. Sisiguraduhin lang nito na ang mga kasalukuyang lokal na buwis ay patuloy na gagamitin para sa mga lokal na serbisyo. Tutulong din itong siguraduhin na ang mga lokal na pamahalaan ay hindi mapipilitang pataasin ang mga buwis o mga kabayaran upang mabawi ang kitang sinalakay ng Estado.

ANG PANUKALA 1A AY NAGBIBIGAY NG KAKAYAHANG MAKIANGKOP KUNG MAY BIGLAANG PANGANGAILANGAN SA PAG-UUKOL PINANSIYAL NG ESTADO—AT HINDI ITO KUKUHA NG PONDO MULA SA MGA PAARALAN O MGA IBANG PROGRAMA NG ESTADO.

Ipinagtatanggol ng Panukala 1A ang mga kasalukuyang antas lamang ng lokal na pagpopondo. Hindi nito binabawasan ang pagpondo ng mga paaralan o mga ibang programa ng estado. At, ang 1A ay maingat na isinulat upang pahintulutan itong magkaroon ng kakayahang maiangkop. Pinahihintulutan nito ang Estadong hiramang ang mga kita ng lokal na pamahalaan—kung may biglaang piskal na pangangailangan lamang—kung kailangan ng mga pondo upang tangkilikin ang mga paaralan o mga ibang programa ng estado.

ANG PANUKALA 1A AY ISANG MAS MABUTING PAMARAANG PUMAPALIT SA PANGANGAILANGAN PARA SA PANUKALA 65.

Inilagay sa balota ang Panukala 65 sa umpisa ng taong ito bago nangyari ang di-karaniwang kasunduang ito. Ang Panukala 1A ay isang mas mabuti at mas nalaangkop na pamaraan sa pagtanggol ng mga lokal na serbisyo at buwis. Ito ang dahilan kung bakit ang LAHAT ng mga opisyal na tagapagtanggol ng 65 ay ngayon nang TUMATANGKILIK SA PANUKALA 1A AT LUMALABAN SA PANUKALA 65.

Sumali kay Gobernador Schwarzenegger, Senador Torlakson, sa mga bumbero, mga pulis, mga siyerip, mga paramedic, mga lider sa pangangalagang pangkalusugan, mga nagbabayad ng buwis, mga lider sa negosyo at paggawa.

IPAGTANGGOL ANG MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN. Bumoto nang OO sa Panukala 1A. Bumoto nang HINDI sa PANUKALA 65.

GOBERNADOR ARNOLD SCHWARZENEGGER

HEFE MICHAEL WARREN, *Presidente*

Kapisanan ng mga Hefe ng mga Bumbero ng California

SIYERIP ROBERT T. DOYLE, *Presidente*

Kapisanan ng mga Siyerip ng Estado ng California

SAGOT sa Pangangatwiran Panig sa Panukala 1A

Ang Panukala 1A ay nilikha sa huling minuto bilang bahagi ng isang masamang kasunduang pam pag-uukol pinansiyal.

Walang ginawang pampublikong pagdinig.

Ipinagtatanggol ng Panukala 1A ang mga lokal na pamahalaan ngunit sinisira nito ang edukasyon sa pagpahintulot nito sa Estadong salakayin ang iyong mga buwis sa ari-ariang pumopondo sa iyong mga lokal na paaralan. At isasabatas ito sa Saligang-Batas ng Estado!

Pinipigilan ng Panukala 1A ang Lehislaturang bawasan ang mga buwis sa pamamagitan ng pagtakda ng di-nagbabagong halaga ng lokal na buwis sa pagbibili. Ipapasok din ito sa Saligang-Batas ng Estado!

Inilagay sa panganib ng Panukala 1A ang mga napakahalagang programa. Habang patuloy na dumaranas

ang California ng mga hamong pinansiyal, mas malakas pang puputulin ng palakol ng badyet ng Estado ang pagpondo sa K-12 edukasyon, mas mataas na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan ng mga bata, mga programa para sa mga nakatatanda at kaligtasan ng taong-bayan.

Ang Panukala 1A ay nagbibigay sa mga lokal na politiko ng kapangyarihang walang hangganan nang walang anumang masusing pagsisiyasat kung paano ginagasta ang salapi.

May mas mabuti tayong magagawa. Dapat tayong mabigyan ng mas mabuti.

Bumoto nang HINDI sa PANUKALA 1A.

CAROLE MIGDEN, *Tagapangulo*
State Board of Equalization

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 1A

Dapat nating ipagtanggol ang mga lokal na nagbabayad ng buwis, at hindi ang walang pananagutang paggasta ng mga lokal na pamahalaan. Bumoto nang HINDI sa Panukalan 1A.

Bilang Tagapangulo ng State Board of Equalization, alam ko na masyadong marami ang inaaksaya ng masyadong maraming sangay ng pamahalaan.

Ang Panukala 1A ay nagbibigay sa mga lokal na pamahalaan ng kapangyarihang gumasta nang walang pananagutan o pagsubaybay sa kanilang ginagasta. Ito'y isang kapangyarihang walang hangganan sa paggasta at hindi nito pinag-uukulan ng pansin ang aksaya.

Alam mo ba na ginagamit ng Lungsod ng Stockton ang lahat ng reserbang salapi nito upang magtayo ng istadyum sa kabayanan, ngunit sinusubukan din nilang pataasin ang mga buwis upang mabayaran ang mga pulis at bumbero? Bali-baligtad ang mga tungkuling binibigyan nila ng pangunahing diin.

Alam mo ba na pinataas ng Lungsod ng Los Angeles ang kanilang bayad sa tubig, ngunit dumaranas sila ngayon ng pagsusuri dahil milyun-milyon ang inaksaya nila sa mga di-kailangang kontrata sa ugnayang pambayan?

May pananagutan ang California na tulungan at tangkilikin ang mga lokal na pamahalaan. Sama-sama tayong lahat dito. Ngunit WALANG SINUMAN ang di-saklaw ng pagsubaybay sa ginagasta at pananagutan. Napakahalaga ang mga pagsusuri at pagbabalanse.

Pinopondohan ng Panukala 98 ang mga paaralang pambayan sa California. Ngunit noong 1988, nagsama ang mga guro sa California ng mga tiyak na salitang nag-aatas na pananagutan ng mga distritong pampaaralan ang salaping ginagasta nila.

WALANG tadhanang nag-aatas ng pananagutang piskal sa Panukala 1A.

Ang bawa't bagong bonong pampaaralang inilagay natin sa balota'y nagtataglay ng mga tiyak na tadhanang nag-aatas ng pananagutan upang siguraduhin na ginagasta ang salapi sa paraang hinangad ng mga botante.

WALANG tadhanang nag-aatas ng pananagutang piskal sa Panukala 1A.

Ang bawa't isa sa mga bono sa Tubig, mga Parke at Ligaw na Buhay ng California ay nagtataglay ng mga mahigpit na tadhanang nag-aatas ng pananagutan.

WALANG tadhanang nag-aatas ng pananagutang piskal sa Panukala 1A.

Ang California ay nasa harap ng mga malubhang paghahamon sa badyet. May malalaking sakripisyong nagawa upang matugunan ang mga hamong iyon. . . pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan ng mga bata, pangangalaga ng mga nakatatanda sa mga nursing home at bilang ng mga pumapasok sa kolehiyo.

Bakit dapat bigyan ang mga lokal na politiko ng kapangyarihang walang hangganan? Ang sabi ko'y HINDI dapat sila bigyan nito. Bakit dapat bigyan ang mga lokal na politiko ng garantiyang hindi ibinibigay sa mga batang may sakit? Ang sabi ko'y HINDI dapat sila bigyan nito.

Kailangang bumoto nang HINDI sa Panukala na ito na HINDI nag-aatas ng pananagutang piskal!

Mangyaring sumali sa akin sa pagboto nang HINDI sa Panukala 1A.

*CAROLE MIGDEN, Tagapangulo
State Board of Equalization*

SAGOT SA Pangangatwirang Laban sa Panukala 1A

Laban sa mga pahayag na naghahatid sa maling kuro na binibigkas ng mga kalaban ng 1A, **PINATATAAS NG PANUKALANG ITO ANG PANANAGUTANG PISKAL.**

Pinatataas ng Panukala 1A ang pananagutan sa lokal na badyet sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga buwis nang malapit sa tirahan, kung saan ang mga botante ay may mas malaking kakayahang pangasiwaan ang mga ito.

Patataasin din ng 1A ang pananagutan ng Estado sa pamamagitan ng pagpigil ditong kunin at gamitin ang mga pondo ng lokal na pamahalaan —maliban na lamang kung may biglaang pangangailangan ng salapi.

MARAMI NANG TAON NA ANG ESTADOY NABIGYAN NG KAPANGYARIHANG WALANG HANGGAHAN na kunin ang iyong mga lokal na buwis. **INAALIS NG PANUKALA 1A ANG KAPANGYARIHANG ITO NA WALANG HANGGAHAN** at nag-aatas sa Estadong mamuhay nang nasa hangganan ng kanyang kinikita.

Gusto ng kalabang maniwala ka na ang Estado ay nasa mas mabuting katayuan upang pangasiwaan ang iyong mga lokal na buwis kaysa sa mga lider ng iyong lungsod o county. Sa totoo, noong nakaraang dekada, pinagbawa-bawasan ng mga lungsod at mga county ang kanilang paggasta, pinataas ang pananagutan at binigyan ng pangunahing diin ang paggasta para sa mga napakahalagang lokal na serbisyo.

HINDI pinatataas ng Panukala 1A ang pagpopondo sa lokal na pamahalaan at hindi ito kumukuha ng ni isang sentimo mula sa mga paaralan, mga serbisyo ng estado sa

pangangalagang pangkalusugan, o anumang ibang programa o serbisyo ng estado.

HINDI pinatataas ng Panukala 1A ang mga buwis. **IPINAGTATANGGOL** ng panukalang ito ang mga **KASALUKUYANG LOKAL NA BUWIS—NA GINAGAMIT PARA SA PAGSUGPO NG SUNOG, PAGPAPATUPAD NG BATAS, PANGANGALAGA SA EMERGENCY ROOM, PARAMEDIKONG PAGTUGON**, at mga ibang napakahalagang serbisyong lokal.

Alam ng mga tumatangkilik sa Panukala 1A na panahon nang wakas ang umiiral na pagnenegosyo sa Sacramento at pigilin ang Estadong kunin at gamitin ang mga pondo ng lokal na pamahalaan.

Sumali kay Gobernador Schwarzenegger, sa mga bumbero at pulis, mga paramedic at mga grupo ng mga nagbabayad ng buwis.

IPAGTANGGOL ANG MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT MGA SERBISYONG PARA SA KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN. BUMOTO nang OO sa 1A.

*SENADOR TOM TORLAKSON, Pinuno
Lupon sa mga Lokal na Pamahalaan ng Senado*

*LOU PAULSON, Presidente
Mga Propesiyonal na Bumbero ng California*

*CAM SANCHEZ, Presidente
Kapisanan ng mga Hepe ng Pulisya ng California*

PANUKALA
65

Mga Pondo, Kita ng Lokal na Pamahalaan. Mga Kautusan ng Estado. Pambatasang Susog sa Konstitusyon.

OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN

Inihanda ng Abugado Heneral

Mga Pondo, Kita ng Lokal na Pamahalaan. Mga Kautusan ng Estado. Pambatasang Susog sa Konstitusyon.

- Kinakailangan ng pagpapatibay ng mga botante para sa anumang batas na nagtatadhana ng anumang pagbabawas, batay sa mga antas na may bisa noong ika-1 ng Enero 2003, ng mga lokal na pamahalaan sa bayad sa lisensiya ng sasakyan, mga kapangyarihan at kinita sa buwis sa pagbibili, at angkop na kaparte sa mga kinita sa lokal na buwis sa ari-arian.
- Pinahihintulutan ang lokal na pamahalaang pigilin ang pagpapairal ng utos ng estado kung hindi bayaran ng estado ang lokal na pamahalaan sa loob ng 180 araw mula sa huling pagtiyak ng tungkuling inutos ng estado; maliban sa mga utos na nag-aatas sa lokal na pamahalaang na magbigay/baguhin: ang anumang pagkalinga, benepisyo o katayuan ng paglilingkod sa mga empleyado/retirado, o anumang pampamunutanang/ makabuluhang karapatan sa paglilingkod ng mga empleyado o kapisanan ng mga empleyado.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Makabuluhang pagbabago sa kapangyarihan ng estadong gamitin ang mga lokal na pondo. Mas marami ang kikitain ng mga lokal na pamahalaan kung ito'y isasakatuparan, posibleng aabot sa mga bilyun-bilyong dolyar taun-taon sa paglipas ng panahon. Ang anumang ganitong lokal na epekto sa kikitain ay magreresulta sa mas mababang pondo para sa estado nang gayong ding halaga.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Pinagmulan Pagpopondo ng Lokal na Pamahalaan

Ang California ay may higit sa 5,000 lokal na pamahalaan—mga lungsod, mga county, mga espesyal na distrito at mga ahensiya ng muling pagpapaunlad—na nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng pagsugpo sa sunog at pulisya, tubig, mga aklatan, at mga parke at mga programang panlibangan. Ang mga lokal na pamahalaan ang siyang nagbabayad para sa mga programa at serbisyonang ito na gamit ang salaping nanggagaling sa mga lokal na buwis, bayad at mga kabayaran ng gumagamit (user charges); tulong mula sa estado at pederal na pamahalaan; at iba pang pinanggagalingan. May tatlong buwis na may malaking bahaging ginagampanan sa lokal na pananalapi sapagka't lumilikom sila ng mga makahulugang kitang may kalakarang hangarin na maaaring gamitin ng mga lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga iba't-ibang uri ng programa't serbisyo. Ang tatlong buwis na ito ay ang buwis sa ari-arian, ang lokal na buwis sa pagbibili at ang bayad para sa lisensiya ng sasakyan (vehicle license fee o VLF) na makikita sa Figura 1.

Kapangyarihan ng Estado Sa Lokal na Pananalapi

Ang Saligang-Batas ng Estado at mga umiiral na batas ay nagbibigay sa Lehislatura ng kapangyarihang pangasiwaan ang tatlong mahahalagang buwis na makikita sa Figura 1. Halimbawa, ang Lehislatura ag may ilang kapangyarihang baguhin ang mga halaga ng buwis; mga bagay na dapat

sumailalim sa pagbubuwis; at ang pamamahagi ng mga kita sa buwis sa mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyongpampamayanan. Ginagamit ng estado ang kapangyarihang ito para sa maraming layunin, kasama ang pagtaas ng pagpondo ng mga lokal na serbisyo, pagbawas ng mga gastusin ng estado, pagbawas ng pagbubuwis, at pagtugon sa mga pagkabahala hinggil sa pagpondo ng mga tiyak na lokal na pamahalaan. Makikita sa Figura 2 ang mga ilang kilos na dating ginawa ng Lehislatura, gayon din ang mga kilos na pinag-isipang gawin ng estado noong tag-araw ng taong 2004 (kung kailan inihanda ang analisis na ito).

Pangangailangang Magbayad para sa mga Utos ng Estado

Ang Saligang-Batas ng Estado ay karaniwang nag-aatas sa estadong bayaran ang mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanan kapag "nag-uutos" ang estado ng isang bagong lokal ng programa o mas mataas na antas ng serbisyo. Halimbawa, nag-aatas ang estado sa mga lokal na ahensiya na ipaskil ang mga panukala ng kanilang mga pagdinig. Bilang utos, dapat bayaran ng estado ang mga lokal na pamahalaan, mga paaralan at mga distrito ng kolehiyong pampamayanan para sa mga ginastos nila sa pagpaskil ng mga panukalang ito. Dahil sa kahirapang pambadyet ng estado, hindi nag-atas ang estado noong mga kamakailang taon ng pagbayad ng inutos na gastos. Sa ngayon, ang estado ay may utang sa mga lokal na ahensiyang ito na \$2 bilyon para sa mga ginastos noong nauunang taon sa mga programang inutos ng estado.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

FIGURA 1

TATLONG MAHAHALAGANG BUWIS NG LOKAL NA PAMAHALAAN

Buwis sa Ari-arian

- Ang mga lokal na pamahalaan ay tumatanggap ng mga kitang may pangkalakarang hangarin mula sa 1 porsiyentong buwis sa ari-arian na ipinapataw sa ari-ariang lupa't bahay.
- Noong 2003–04 taong piskal, nakatanggap ang mga lokal na pamahalaan ng humigit-kumulang sa \$15 bilyong kita mula sa buwis sa ari-arian. (May karagdagang \$16 bilyong buwis sa ari-arian ang napunta sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.)
- May malaking pagkaka-iba-iba bawat parte ng mga buwis sa ari-arian na natanggap ng bawat isang lokal na pamahalaan. Ang pagkaka-iba-ibang ito unang-una ay nagpapakita ng pagkakaiba sa mga halaga ng buwis sa ari-arian ng iba't-ibang lokal na ahensiya sa gitna ng mga taong 1970, ang panahon kung saan nakabatay ang mga batas ng estado sa pamamahagi ng buwis sa ari-arian.

Bayad para sa Lisensiya ng Sasakyan (VLF)

- Ang VLF ay isang buwis na ipinapataw taun-taon sa halaga ng mga sasakyang nakarehistro sa estado.
- Sa loob ng mga kalahating dantaon, ang halaga ng VLF ay 2 porsiyento ng halaga ng sasakyan. Noong 1999, nag-umpisa ang Lehislaturang pababain ang halagang sinisingil sa mga may-ari ng sasakyan, at ang estado ang siyang bumabalik sa mga nagresultang kawalan ng kita ng lungsod at county.
- Noong 2003–04, ang VLF (itinakda sa halagang 0.65 porsiyento ng halaga ng sasakyan) at ang pagbabalik ng VLF ay dapat nagbigay ng mga \$5.9 bilyon sa mga lungsod at mga county. Gayunman, ipinagpaliban ng estado ang pagbayad ng isang bahagi ng pagbabalik hanggang sa 2006.
- Karaniwang inaatas ng batas ng estado na ang tatlong-kaapat ng mga kita sa VLF ay ipamahagi sa mga lungsod at mga county batay sa kanilang populasyon para sa mga kalakarang layunin at ang mga natitirang kita sa VLF ay ipamahagi sa mga county para sa mga programang pangkalusugan at serbisyong pambayan.

Lokal na Buwis sa Pagbibili

- Ang mga lungsod at mga county ay tumatanggap ng mga kita galing sa pare-parehong lokal na buwis sa pagbibiling ipinapataw sa presyo ng pagbili ng karamihan sa mga produkto—tulad ng damit, mga kotse at pagkain sa restoran.
- Noong 2003–04, ang buwis na ito'y ipinataw sa isang halagang 1.25 porsiyento at nakalikom ng mga \$5.9 bilyon.
- Alinsunod sa kasalukuyang batas, 80 porsiyento ng mga kita mula sa buwis sa pagbibili ay ipinapamahagi sa mga lokal na pamahalaan batay sa kung saan nangyari ang pagbebenta—sa isang lungsod kung ang pagbibili ay nangyayari sa loob ng mga hangganan nito, o sa isang county kung ang pagbibili ay nangyayari sa isang di-nakarehistro (unincorporated) lugar. Ang natitirang 20 porsiyento ng mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili ay ipinapamahagi sa mga county para sa mga layuning pangtransportasyon.
- Mag-umpisa sa 2004–05, ang mga lokal na pamahalaan ay tatanggap ng mga karagdagang buwis sa ari-arian na papalit sa mga ilang kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili na ipinagako bilang pambayad sa pagkakautang sa mga bonong kaugnay ng depisit ng estado, na pinagtibay ng mga botante noong Marso 2004.

MUNGKAHI

Mga Katakdaan sa Kapangyarihan ng Lehislaturang Baguhin ang mga Lokal na Kita

Binabago ng panukalang ito ang Saligang-Batas ng Estado upang makahulugang bawasan ang kapangyarihan ng Lehislaturang gumawa ng mga pagbabagong umaapekto sa mga kita ng anumang lokal na pamahalaan na galing sa buwis sa ari-arian, buwis sa pagbibili at VLF. Sa ibang mas detalyadong salita, inaatas ng panukala ang pagpapatibay ng mga botante ng estado bago magkabis

FIGURA 2

MGA MAHAHALAGANG KILOS NG ESTADONG NAKAKAAPEKTO SA LOKAL NA PANANALAPI

Mga Dating Kilos

Pagtaas ng Pagpono ng mga Lokal na Serbisyo. Noong 1979, inilipat ng estado ang isang nagpapatuloy na bahagi ng buwis sa ari-ariang inilalaan sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan patungo sa mga lokal na pamahalaan (mga lungsod, mga county, at mga espesyal na distrito). Itinakda ng paglilipat na ito ang mga pagbabawas sa mga programa ng lokal na pamahalaan pagkatapos ng kawalan ng kitang resulta ng pagsasabatas ng Panukalang-batas 13, ngunit pinataas nito ang mga gastusin ng estado upang balikatin ang kawalan ng buwis sa ari-arian ng mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.

Pagbawas ng Gastusin ng Estado. Noong 1992 at 1993, inilipat ng estado ang isang nagpapatuloy na bahagi ng mga buwis sa ari-ariang inilalaan sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan. Ang epekto nito ay nabawasan ang mga rekursong magagamit ng mga lokal na pamahalaan at nabawasan ang mga gastusin ng estado. Nabawasan din ng estado ang mga gastusin nito sa pamamagitan ng pagpapaliban ng mga bayad sa mga lokal na pamahalaan para sa mga kabayaranang inutos ng estado (lalung-lalo na noong 2002 at 2003) at para sa isang bahagi ng pagbabalik ng VLF (2003).

Pagbawas ng Pagbubuwis. Nag-umpisa noong 1999, binawasan ng estado ang halaga ng VLF upang makapagbigay ng ginhawa sa buwis. "Binalikat" ng estado ang nagresultang kawalan ng kita ng mga lungsod at county.

Pagtugon sa mga Pagkabahala Hinggil sa Pagpono para sa mga Tiyak na Lokal na Pamahalaan. Noong dati, inakma-akma ng estado nang iba't-ibang beses ang taunang pag-uukol ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian at VLF upang matulungan ang mga lungsod na tumanggap ng mga napakaliit na bahagi ng lokal na buwis sa ari-arian.

Mga Mungkahing Isinaalang-alang noong Hulyo 2004

Pagbawas ng Gastusin ng Estado. Pinag-isipan ng estadong ilipat ang \$1.3 bilyong buwis sa ari-ariang maliikom noong 2004–05 at 2005–06 mula sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan upang bawasan ang mga gastusin ng estado. Pinag-isipan din ng estadong ipagpaliban ang mga inutos na pagbabayad sa 2004–05 sa mga lokal na pamahalaan.

Pagbabago ng Pamamahagi ng Lokal na Pananalapi. Pinag-isipan ng estadong palitan ang mga kinita ng mga lungsod at county sa pagbabalik ng VLF nang mga buwis sa ari-ariang inilipat mula sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.

Mga Pondo, Kita ng Lokal na Pamahalaan. Mga Kautusan ng Estado. Pambatasang Susog sa Konstitusyon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

ang isang panukalang-batas na bumawas sa mga kita ng isang lokal na pamahalaan nang mas mababa sa halaga o bahaging matatanggap nito batay sa mga batas na may bisa noong ika-1 ng Enero 2003. Halimbawa, mag-aatas ang panukalang ito ng pagpapatibay ng mga botante ng buong estado bago magkakabisa ang isang batas na:

- Lilipat sa mga buwis sa ari-arian mula sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan.
- Magbabago sa paraan kung paano ipinapamahagi ang mga buwis sa pagbibili sa mga lungsod at mga county.
- Ipagpapalit ang mga buwis sa pagbibili ng lungsod ng mga mas mataas na buwis sa ari-arian.
- Magbabago sa mga pormulang gagamitin upang ipamahagi ang mga buwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan.

Pipigilin din ng Panukalang-batas 65 ang pagpapairal ng anumang batas na pinagtibay pagkatapos ng ika-1 ng Nobyembre 2003, na nag-aatas ng pagpapatibay ng mga botante batay sa mga tadhana ng panukalang ito. Magkakabisa ang mga pinigil na batas kung sinang-ayunan lamang sila ng mga botante ng estado sa sumusunod na eleksiyong gaganapin sa buong estado.

Ang panukala ay may dalawang kataliwasan sa mga pangangailangang ito hinggil sa pagpapatibay ng mga botante. Maaaring magpatibay ang estado ng mga batas na (1) naglilipat-lipat ng mga buwis sa ari-arian sa mga sumang-ayong lokal na pamahalaan o (2) ipinagpapalit ang mga kita sa VLF ng isang pantay na halaga ng mga alternatibong pondo.

Isinasama din ng panukalang ito sa Saligang-Batas ng Estado ang dalawang umiiral na batas ng estado na kaugnay ng lokal na pananalapi. Inaatas ng mga batas na ito sa estadong ibayad ang mga ipinagpalibang kita sa pagbabalik ng VLF sa mga lungsod at mga county (\$1.2 bilyon) bago sumapit ang Agosto 2006 at muling italaga ang halaga ng lokal na buwis sa pagbibili sa 1.25 porsiyento pagkatapos mabayaran ang mga bonong kaugnay ng depisit ng estado.

Mga Utos ng Estado

Binabago ng panukala ang Saligang-Batas ng Estado upang mabawasan ang kapangyarihan ng estadong pangasiwaan ang mga programa ng lokal na pamahalaan, paaralan at kolehiyong pampamayanan. Sa ibang mas detalyadong salita, kung hindi maghanda ang estado ng napapanahong pagbayad para sa mga ginastos sa isang utos (na kakaiba sa mga utos na kaugnay ng mga karapatan ng empleyado), maaaring magpasiya ang mga lokal na ahensiyang huwag sundin ang kautusan ng estado. Waring pinalalawak din ng panukala ang mga kalagayan kung saan may pananagutan ang estadong bayaran ang mga lokal na ahensiya dahil sa kanilang pagsunod sa isang bagong kautusan ng estado. Halimbawa, maaaring pataasin ng panukala ang pananagutan ng estadong bayaran ang mga lokal na pamahalaan kung pinatataas ng estado ang bahagi

ng isang lokal na ahensiya sa ginagastos sa isang programang sama-samang pinopondohan ng estado at pook.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Babawasan ng Panukalang-batas 65 ang kapangyarihan ng estadong gamitin ang mga lokal na pondo. Sa paglipas ng panahon, magkakaroon ito ng mga makahulugang epekto sa pananalapi ng mga pamahalaan ng estado at pook, ayon sa inilalarawan sa ibaba.

Mga Pangmatagalang Epekto sa Pananalapi ng Pook at Estado

Mas Mataas at Mas Matatag na Kita ng Lokal na Pamahalaan. Dahil sa bilang at kalakhan ng mga dating kilos ng estadong umaapekto sa mga lokal na buwis, ang mga katakdaan ng panukalang ito sa kapangyarihan ng estadong magpatibay ng mga ganitong panukala sa hinaharap ay posibleng magkakaroon ng mga makabuluhang piskal na epekto sa mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang isang panukalang-batas na bumabawas sa mga kita ng lokal na pamahalaan ay maaaring hindi makatanggap ng kailangang pagpapatibay ng mga botante na inaatas ng panukalang ito. Bukod dito, maaaring may mga ibang kaso kung kailan hindi sisikaping isakatuparan ng Lehislatura at Gobernador ang batas na bumabawas sa mga lokal na kita dahil sa nahiwatigang kahirapang makuha ang pagpapatibay ng mga botante. Sa mga kasong ito, ang panukalang ito'y magresulta sa pagiging mas matatag—at mas mataas— ng mga kita ng lokal na pamahalaan kaysa sa mga kitang matatanggap kung hindi ito isasakatuparan. Hindi alam kung gaano mas lalaki ang mga lokal na kita. Ito'y babatay sa mga kilos sa hinaharap ng Lehislatura, Gobernador at mga botante ng estado. Gayunman, batay sa mga dating kilos ng estado, ang pagtaas na ito ng mga kita ng lokal na pamahalaan ay maaaring umabot sa bilyun-bilyong dolyar taun-taon. Ang mga mas malaking lokal na kitang ito ay maaaring magresulta sa mas malaking paggasta sa mga lokal na programa o mga mas mababang lokal na kabayaran o buwis.

Mas Mababang Pondo para sa mga Programa ng Estado.

Ang epekto ng panukala sa mga pondo ng estado ay karaniwang katunggali ng epekto nito sa mga lokal na pondo. Sa ibang salita, ang panukalang ito'y maaaring magresulta sa mas maliit na pondong magagamit para sa mga programa ng estado kaysa sa mga pondong magagamit kung hindi ito isasakatuparan. Ang pagbabawas na ito nama'y aapekto sa paggasta at/o mga buwis ng estado. Halimbawa, kung tinanggihan ng mga botante ng estado ang isang mungkahing gamitin ang mga buwis sa ari-arian ng lokal na pamahalaan bilang bahagi ng kalutasang pambadyet ng estado, mangangailangan ang Lehislaturang magpatupad ng mga alternatibong kilos upang lutasin ang mga kahirapang pambadyet ng estado—tulad ng pagtaas ng mga buwis sa estado o pagbawas ng paggasta sa mga ibang programa ng estado. Gaya ng lokal na epekto, ang kabuuang piskal na epekto ay maaaring umabot din sa bilyun-bilyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

Mas Maliit na Pagbabago sa Kita ng Bawa't Lokal na Pamahalaan. Itinatakda ng Panukalang-batas 65 ang kapangyarihan ng estadong muling ipamahagi ang mga kita sa lokal na buwis upang matugunan ang mga pagkabahala hinggil sa pagpopondo ng mga tiyak na lokal na pamahalaan o upang baguhin ang pamamahagi ng pondo ng lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang mga panukalang bumago sa paraan kung paano ipinapamahagi sa mga lungsod at mga county ang mga kita mula sa lokal na buwis sa pagbibili, o naglipat ng mga buwis sa ari-arian mula sa isang distrito ng tubig patungo sa ibang espesyal na distrito, ay hindi magkakabisa hanggang di sang-ayunan ng mga botante sa isang eleksiyong gaganapin sa buong estado. Kung hindi sinang-ayunan ng mga botante ng estado ang mga ganitong muling pamamahagi, o kung hindi sinikap ng Lehislatura at Gobernador na isakatuparan sila dahil sa nahiwatigang kahirapang makuha ang pagpapatibay ng mga botante, ang panukalang ito'y magreresulta sa mas kakaunting pagbabago sa mga kita ng lokal na pamahalaan kaysa sa mga kitang matatanggap kung hindi ito isakatuparan.

Posibleng Madaliang Epekto sa Pananalapi ng Pook at Estado

Ang analisis na ito'y inihanda sa kalagitnaan ng Hulyo, bago pinagtibay ang badyet ng estado para sa 2004–05. Sa panahong iyon, pinag-uukulan ng pansin ng Lehislatura ang mungkahi ng Gobernador na ilipat ang \$1.3 bilyong buwis sa ari-arian mula sa mga lokal na pamahalaan patungo sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan sa 2004–05 at muli sa 2005–06. Babawasan ng paglipat na ito ang mga pondo ng lokal na pamahalaan nang \$1.3 bilyon sa bawa't isa sa dalawang taong iyon. Babawasan din nito ang mga gastusin ng estado nang mga

maitutulad na halaga (sapagka't ang mga mas mataas na buwis sa ari-arian para sa mga paaralan at mga kolehiyong pampamayanan ay magreresulta sa mas mababang gagastusin ng estado sa edukasyon). Ang paglipat na ito ng buwis sa ari-arian, kung pagtibayin man sa badyet para sa 2004–05, ay maaapektohan ng pagsasabatas ng Panukalang-batas 65. Sa ibang salita, pipigilin ang paglipat ng buwis sa ari-arian hanggang pagbotohan ito sa susunod na eleksiyong gaganapin sa buong estado (na kasalukuyang nakatakda sa Marso 2006). Magkakabisa ang mungkahi sa paglipat kung ito'y sang-ayunan ng mga botante. Kung tanggihan ng mga botante ang mungkahi, hindi ito magkakabisa at babaligtad ang mga piskal na epektong inilalarawan sa itaas. Sa ibang salita:

- Mananatili sa mga lokal na pamahalaan ang \$1.3 bilyong kinita mula sa buwis sa ari-arian sa 2004–05 at sa 2005–06.
- Tataas ang mga gagastusin ng estado nang may maitutulad na halaga.

Epekto sa mga Lokal na Programa at mga Pagbabayad ng Estado

Sapagka't waring pinalalawak ng panukala ang mga kalagayan kung saan dapat bayaran ng estado ang mga lokal na ahensiya, maaaring pataasin ng panukala ang mga hinaharap na gastusin ng estado o baguhin ang mga hinaharap na kilos ng estado hinggil sa mga lokal na programa o mga programang sama-samang pinopondohan ng estado't pook. Habang hindi maaaring matiyak ang halagang dapat ibayad sa mga lokal na ahensiya dahil sa mga posibleng kilos ng estado sa hinaharap, batay sa aming pagsusuri ng mga panukala ng estado na pinagtibay noong dati, ang mga mas mataas na gastusin sa pagbabayad ng estado ay maaaring lumampas, sa paglipas ng panahon, sa isang daang milyong dolyar taun-taon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 65

Walang sumasang-ayong pagmamatawid ang ibinigay para sa panukalang ito.

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 65

BUMOTO nang HINDI sa 65.

BUMOTO nang OO sa 1A.

Iniharap sa mga botante ng aming samahan ng mga lokal na pamahalaan ang Panukalang-batas 65 upang ipagtanggol ang mga lokal na kita na ginagamit upang makapagbigay ng mga napakahalagang serbisyo, kasama ang pagkalinga laban sa sunog, pagpapatupad ng batas, paramedikong pagtugon, at paggamot na biglang kailangan. Marami nang taong kinukuha ng mga mambabatas ng estado ang mga pondo ng lokal na pamahalaan na ginagamit upang mabigay ang mga napakahalagang lokal na serbisyonang ito.

GAYUNMAN, sa panahong lumipas mula noong iniharap ang Panukalang-batas 65, may isang bago at mas mabuting panukala—ang Panukalang-batas 1A—na inilagay sa balota upang pigilin ang mga pagsasalakay ng estado sa pagpopondo ng lokal na pamahalaan. Ang Panukalang-batas 1A ay tinatangkilik ni Gobernador Arnold Schwarzenegger, ng mga Demokratiko at

Republikano, at mga lider sa lokal na pamahalaan at kaligtasan ng taong-bayan sapagka't ito'y isang mas mabuti at mas naiaangkop na pamaraang ipagtanggol ang pagpopondo ng mga mahahalagang lokal na serbisyo. Mangyaring basahin sa polyeto ng balota ang mga opisyal na pagmamamatwid at mga iba't-ibang grupong tumatangkilik sa Panukalang-batas 1A.

BUMOTO nang HINDI sa 65.

BUMOTO nang OO sa 1A.

CHRIS MCKENZIE, *Tagapagpaganap na Patnugot Liga ng mga Lungsod sa California*

CATHERINE SMITH, *Tagapagpaganap na Patnugot Kapisanan ng mga Espesyal na Distrito sa California*

STEVEN SZALAY, *Tagapagpaganap na Patnugot Kapisanan ng mga County sa Estado ng California*

Panukala 1A

Ang susog na ito na iminumukahi ng Susog ng Senado sa Saligang-batas 4 noong Karaniwang Pulong sa taong 2003–2004 (Kabanata 133 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2004) ay maliwanag na nagbabago sa Saligang-Batas ng California sa pamamagitan ng pagbago ng ilang mga seksiyon at pagdagdag ng isang seksiyon dito; samakatawid, ang mga umiiral na tadhana ng iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa *may line* at ang mga bagong tadhana ng iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *italic type* upang ipakita na sila’y bago.

MGA IMINUMUNGKAHING SUSOG SA MGA ARTIKULO XI, XIII AT XIII B

Una—Baguhin ang Seksiyon 15 ng Artikulo XI at ito’y magsasabi:

SEK. 15. (a) ~~Ang lahat ng Mula sa mga kitang natanggap sa mga buwis na napatatw alinsunod sa Batas sa Bayad para sa Lisensiya ng Sasakyan (Vehicle License Fee Law) (Bahagi 5 (nagsisimula sa Seksiyon 10701) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis), o ang kahalili nito, maliban sa mga bayad para sa mga trailer coach at mga mobilehome, na lumalampas sa mga gastos ng paglilikom at anumang salaping ibinalik na sinang-ayunan ng batas, yaong mga kitang nanggaling sa bahagi ng halaga ng bayad para sa lisensiya ng sasakyan na hindi lumalampas sa 0.65 porsiyento ng halaga sa pamilihan ng sasakyan ay italaan sa mga county at mga lungsod alinsunod sa batas.~~

~~(b) Ang seksiyong ito’y maiiintangkop sa yaong mga buwis na napatatw alinsunod sa itong batas noong ika-1 Hulyo at pagkatapos, kasunod ng pagpapatibay ng bahaging ito ng mga botante, batay sa sumusunod:~~

~~(1) May halagang italaan sa Batas mula sa Bayad para sa Lisensiya ng Sasakyan, o ang kahalili ng batas na ito, na idedeposito sa Ingatang-yaman ng Estado sa kredito ng Lokal na Pondo ng Kitang itinatag sa Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksiyon 17600) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 9 ng Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon, o ang kahalili nito, kung mayroon man, na italaan para sa mga lungsod, mga county, at mga lungsod at mga county, matangi kung may naiibang itadhana ang batas.~~

~~(2) Ang balanse ay italaan sa mga lungsod, mga county, at mga lungsod at mga county maliban na lamang kung may naiibang itadhana ang batas.~~

~~(b) Kung may isang batas na isinakatuparan ng Lehislatura na bumabawas sa taunang bayad para sa lisensiya ng sasakyan nang mas mababa sa 0.65 porsiyento ng halaga sa pamilihan ng isang sasakyan, itatadhana ng Lehislatura, para sa baw’t taong piskal kung kailan maiiintangkop ang nabawasang bayad na ito, sa pamamagitan ng batas na maglalaan ng isang karagdagang halaga ng salaping katumbas ng pagbabawas, na resulta ng pagbabawas ng bayad, na manggagaling sa kabuuang halaga ng kita na, kung hindi ito gagawin, ay dapat ideposito at italaan alinsunod sa subdibisyon (a) para sa kasalukuyang taong piskal. Ang halagang ito’y italaan sa mga lungsod, mga county, at mga lungsod at mga county sa mga magkaparehong proratang halaga at para sa mga magkaparehong layunin gaya ng mga kitang dapat sumailalim sa subdibisyon (a).~~

Pangalawa—Ang Seksiyon 25.5 ay idadagdag sa Artikulo XIII nito, na nagsasabi:

SEK. 25.5. (a) Sa ika-3 ng Nobyembre 2004 o pagkatapos, hindi magpapatibay ang Lehislatura ng anumang batas upang gawin ang anumang batas sa mga sumusunod:

(1) (A) Maliban na lamang kung may naiibang itadhana ang subparagrapo (B), baguhin ang paraan kung paano italaan ang mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga (ad valorem property tax revenues) alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 1 ng Artikulo XIII A na babawas para sa anumang taong piskal sa porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga sa isang county na ibinabahai sa lahat ng mga lokal na ahensiya sa county na ito nang mas mababa sa porsiyento ng yaong kabuuang halaga ng yaong mga kitang italaan sa yaong mga ahensiya para sa kaparehong taong piskal batay sa mga batas na umiiral noong ika-3 ng Nobyembre 2004. Para sa mga layunin ng subparagrapong ito, hindi kasama sa “porsiyento” ang anumang kita sa buwis sa ari-arian na nabanggit sa talatahan (2).

(B) Sa umpisa ng taong piskal noong 2008–09 at maliban na lamang kung may naiibang itadhana ang subparagrapo (C), maaaring pigilin ang pagpapairal ng subparagrapo (A) sa loob ng isang taong piskal kung matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

(i) Maglalabas ang Gobernador ng isang payahag na nagsasabing kailangang pigilin ang pagpapairal ng subparagrapo (A) dahil sa isang malubhang piskal na paghihirap sa estado.

(ii) Pagtiitbayin ng Lehislatura ang isang kailangang-kailangan batas, alinsunod sa isang panukala na pinagtibay sa baw’t kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng “rollcall” na botong ipinasok sa talaan, na sumasang-ayon ang dalawang-pangatlong bahagi ng mga kasapi, na may kasamang pagpigil ng pagpapairal ng subparagrapo (A) para sa yaong taong piskal at hindi nagtataglay ng anumang ibang tadhana.

(iii) Hindi lalampas sa petsa ng pagkabisa ng batas na inilalarawan sa sugnay (ii), isasakatuparan ang isang batas na nag-aatas ng buong pagbabalik sa mga lokal na ahensiya ng kabuuang halaga ng mga nawalang kita, kasama ang tubong naaalinsunod sa batas, na resulta ng pagbabago ng pag-uukol ng kita sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga sa mga lokal na ahensiya. Ang buong pagbabalik na ito’y gagawin nang hindi lalampas sa wakas ng pangatlong taong piskal na kaagad na sumusunod sa taong piskal kung saan naiiintangkop ang pagbabago.

(C) (i) Hindi pipigilin ang pagpapairal ng subparagrapo (A) nang mas higit sa dalawang taong piskal sa loob ng anumang panahong may 10 magkakasunod na taong piskal, at ang panahong ito’y nagsisimula sa unang taong piskal kung kailan pinigil ang pagpapairal ng subparagrapo (A).

(ii) Hindi pipigilin ang pagpapairal ng subparagrapo (A) sa loob ng anumang taong piskal kung ang buong pagbabalik na inaatas ng isang batas na pinagtibay alinsunod sa sugnay (iii) ng subparagrapo (B) ay hindi pa buong nagawa.

(iii) Hindi pipigilin ang pagpapairal ng subparagrapo (A) sa loob ng anumang taong piskal kung ang halagang inaatasang ibayad sa mga lungsod, mga county, at mga lungsod at mga county alinsunod sa Seksiyon 10754.11 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa salin ng seksiyong noong ika-3 ng Nobyembre 2004, ay hindi pa buong nabayad bago sumapit ang petsa ng pagkabisa ng batas na nagtatadhana sa yaong pagpipigil ayon sa inilalarawan sa sugnay (ii) ng subparagrapo (B).

(iv) Ang isang pagpipigil ng pagpapairal ng subparagrapo (A) ay hindi dapat magresulta sa isang kabuuang pagkawala ng kita sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga para sa lahat ng mga lokal na ahensiya sa loob ng isang county na lumalampas sa 8 porsiyento ng kabuuang halaga ng mga kita sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga na inilaan sa lahat ng mga lokal na ahensiya sa loob ng county na ito noong taong piskal na kaagad na nangunguna sa taong piskal kung kailan pinigil ang pagpapairal ng subparagrapo (A).

(2) (A) Maliban na lamang kung may naiibang itadhana ang mga subparagrapo (B) at (C), itakda ang kapangyarihan ng isang lungsod, county, o lungsod at county na magpataw ng isang halaga ng buwis naaalinsunod sa, o baguhin ang paraan ng pamamahagi ng mga kitang natanggap naaalinsunod sa, Bradley-Burns Uniform Local Sales and Use Tax Law (Bradley-Burns na Batas sa Pare-parehong Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit) na inilalarawan sa Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksiyon 7200) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa salin ng umiiral noong ika-3 ng Nobyembre 2004. Ang katakdaang inaatas ng subparagrapong ito’y sumasaklaw din sa karapatan ng isang lungsod, county, o lungsod at county sa pagbabago ng halaga ng buwis na resulta ng pagwawakas ng panahon ng pagpapalitan ng kita, alinsunod sa Seksiyon 7203.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa salin ng seksiyong ito noong ika-3 ng Nobyembre 2004.

(B) Maaaring baguhin ng Lehislatura sa pamamagitan ng batas ang paraan ng pamamahagi ng mga kitang natanggap sa buwis sa paggamit na ipinatatw alinsunod sa Bradley-Burns na Batas sa Pare-parehong Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit upang pahintulutan ang Estado ng sumali sa isang kasunduan ng mga estado o upang sundin ang pederal na batas.

(C) Maaaring sang-ayunan ng Lehislatura sa pamamagitan ng batas ang dalawa o mas higit na lokal na ahensiyang tiyak na kinilala sa loob ng isang county, nang may pagpang-ayon ng pamunuan ng baw’t isa sa mga ahensiyang ito, na makipagkontrata upang magpalitan ng pag-uukol ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga para sa mga kitang natanggap mula sa isang halaga ng buwis na ipinatatw alinsunod sa Bradley-Burns na Batas sa Pare-parehong Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit. Ang pagpapalitang nabanggit sa subparagrapong ito ng mga kitang natanggap mula sa isang halaga ng buwis na ipinatatw alinsunod sa batas na ito’y hindi mangangailangan ng pagpapatibay ng mga botante para sa patuloy na pagpataw ng anumang bahagi ng isang umiiral na halaga ng buwis kung saan nanggaling ang mga kitang ito.

(3) Maliban na lamang kung may naiibang itadhana ang subparagrapo (C) ng talatahan (2), baguhin para sa anumang taong piskal ang mga proratang pagbabahagi ng mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga sa mga lokal na ahensiya sa isang county, matangi kung may naiibang itadhana ang isang panukala na pinagtibay ng baw’t kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng “rollcall” na botong ipinasok sa talaan, na sumasang-ayon ang dalawang-pangatlong bahagi ng mga kasapi.

(4) Pahabain nang lumalampas sa panahon ng pagpapalitan ng kita, alinsunod sa katuturan sa Seksiyon 7203.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis sa salin ng seksiyong ito noong ika-3 ng Nobyembre 2004, ang pagpipigil ng kapangyarihang inilalarawan sa seksiyong ito sa petsang ito, ng isang lungsod, county, o lungsod at county na magpataw ng isang halaga ng buwis sa pagbebenta at paggamit batay sa Bradley-Burns na Batas sa Pare-parehong Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit.

(5) Bawasan, sa anumang panahon kung kailan umiiral ang pagpipigil ng kapangyarihang magpataw ng halaga na inilalarawan sa talatahan (4), ang mga kabayaran sa isang lungsod, county, o lungsod at county na inaatas ng Seksiyon 97.68 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa salin ng seksiyong ito noong ika-3 ng Nobyembre 2004.

(6) Itakda ang kapangyarihan ng isang lokal na entidad na magpataw ng isang halaga ng buwis sa transaksyon at paggamit alinsunod sa Batas sa Buwis sa mga Transaksyon at Paggamit (Bahagi 1.6 (nagsisimula sa Seksiyon 7251) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis), o baguhin ang paraan ng pamamahagi ng mga kitang natanggap mula sa isang halaga ng buwis sa transaksyon at paggamit na ipinatatw alinsunod sa batas na ito, sa salin noong ika-3 ng Nobyembre 2004.

(b) Para sa mga layunin ng bahaging ito, gagamitin ang mga sumusunod na mga katuturan:

(1) Ang “mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga” ay ang lahat ng kitang natanggap mula sa buwis na nalikom ng isang county alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 1 ng Artikulo XIII A, maski anumang pag-uuri-uri ng anumang sa mga kitang ito ayon sa batas.

(2) Ang “lokal na ahensiya” ay may kaparehong kahulugan sa kahulugan nasa Seksiyon 95 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, sa salin ng seksiyong ito noong ika-3 ng Nobyembre 2004.

Pangatlo—Baguhin ang Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B at ito’y magsasabi:

SEK. 6. (a) Kung kailanmang inuutos ng Lehislatura o anumang ahensiya ng estado ang isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa anumang lokal na pamahalaan, magkakalooob ang Estado ng mga pondo upang mabayaran ang

Panukala 1A (ipinagpapatuloy)

~~ganitong~~ itong lokal na pamahalaan para sa mga ginastos sa ~~ganitong~~ sa programa o mas mataas na antas ng serbisyo, maliban na lamang na maaaring magkaloob, ngunit hindi kailangang magkaloob, ang Lehislatura ng mga ~~ganitong~~ ng mga pondo para mga sumusunod na utos:

- (1) Mga pambatasang utos na hinihingi ng lokal na ahensiyang naapektuhan;
- (2) Batas na nagbibigay ng katuturan ng isang bagong krimen o bumabago sa isang umiiral na katuturan ng isang krimen;
- (3) Mga pambatasang utos na pinagtibay bago sumapit ang ika-1 ng Enero 1975, o mga utos ng pangulo o mga alituntuning unang-una'y nagpapatupad ng batas na pinagtibay bago sumapit ang ika-1 ng Enero 1975.
 - (a) *Matangi kung may naibang itadhana ang talataan (2), para sa taong piskal noong 2005–06 at bawa't sumusunod na taong piskal, para sa isang utos kung saan natiyak noong nangungunang taong piskal na ang Estado ang dapat magbayad sa mga gastos ng isang humihingi lokal na pamahalaan ayon sa batas, ilalaan ng Lehislatura sa taunang Batas sa Badyet ang buong dapat bayarang halagang hindi pa dating nabayaran, o pipigilin ang pagpapairal ng utos para sa taong piskal kung kailan maiaangkop ang taunang Batas sa Badyet sa isang pamamaraang inutos ng batas.*
 - (b) *Ang mga dapat bayarang paghahabol para sa mga ginastos bago sumapit ang taong piskal noong 2004–05 na hindi pa nabayaran bago sumapit ang taong piskal noong 2005–06 ay maaaring bayaran sa loob ng isang panahon ng mga taon, alinsunod sa batas.*
 - (c) *Ang mga kita mula sa buwis sa ari-arian na batay sa halaga ay hindi gagamitin upang mabayaran ang isang lokal na pamahalaan para sa mga ginastos nito sa isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo.*
 - (d) *Ang subdibisyong ito'y maiaangkop sa isang utos lamang kung ang utos na*

ito'y umaapekto sa isang lungsod, county, lungsod at county, o espesyal na distrito.

(5) *Hindi maiaangkop ang subdibisyong ito sa isang pangangailangang maghanda o kumilala ng anumang pampanuntunang o makabuluhang pagkalinga, karapatan, benepisyo, o katayuan ng paglilingkod ng anumang empleyado ng lokal na pamahalaan o retirado, o ng anumang kapisanan ng empleyado ng lokal na pamahalaan, na nangagaling, umaapekto o tuwirang umuugnay sa panghinaharap, pangkasalukuyan o dating paglilingkod sa lokal na pamahalaan at katumbas ng isang utos na dapat sumailalim sa seksiyong ito.*

(c) *Kasama ng isang inutos na bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo ang isang paglilipat ng Lehislatura mula sa Estado hanggang sa mga lungsod, mga county, mga lungsod at mga county, o mga espesyal na distrito ng buo o bahagyang pananagutang pinansiyal para sa isang kailangang programa na dating may buo o bahagyang pananagutang pinansiyal ang Estado.*

Pang-apat—Kinikilala at ipinapahayag ng taong-bayan na ang panukalang ito at ang Batas sa mga Nagbabayad ng Buwis at Pagkalinga ng Kaligtasan ng Taong-bayan, na lumilitaw bilang Panukala 65 sa balota ng pangkalahatang eleksiyong gaganapin itong ika-2 ng Nobyembre 2004, (Panukala 65 sa susunod) ay parehong sumasaklaw sa lokal na pamahalaan, kasama ang mga bagay-bagay na kaugnay ng mga kita sa buwis at pagbayad ng ginastos sa mga utos ng estado, sa isang malawak at makabuluhang salungat na paraan. Sapagka't ang panukalang ito'y hinahangad na maging isang malawak at lumalabang alternatibo ng Panukala 65, hangad ng taong-bayang mahalinhin ang panukalang ito ang buong Panukala 65, kung ang panukalang ito at ang Panukala 65 ay parehong sinang-ayunan at ang panukalang ito'y nakatanggap ng mas maraming sumasang-ayong boto kaysa sa Panukala 65. Samakatwid, kung sakaling parehong sang-ayunan ang panukalang ito at ang Panukala 65, at ang panukalang ito'y nakatanggap ng mas maraming sumasang-ayong boto, hindi magkakabisa ang anuman sa mga tadhana ng Panukala 65.

Panukala 65

Ang pambatasang panukalang ito ay iniharap sa taong-bayan alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California. Ang inisyatibong panukalang ito ay nagbabago sa isang artikulo at nagdaragdag ng isang artikulo sa Saligang-Batas ng California; samakatwid, ang mga umiiral na tadhana ng iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag na ~~may linya~~ at ang mga bagong tadhana ng iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *italic type* upang ipakita na sila'y bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SA BATAS SA MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN

SEKSIYON 1. Maikling Titulo

Ang mga susog na ito sa Saligang-Batas ng California ay tatawagin at maaaring banggitin bilang Batas sa mga Lokal na Nagbabayad ng Buwis at Kaligtasan ng Taong-bayan.

SEKSIYON 2. Mga Natuklasan at Hangarin

(a) Napagpasiyahan ng taong-bayan ng Estado ng California na ang pagpapanumbalik ng lokal na kakayahang pangasiwaan ang mga lokal na buwis ay mahalaga upang siguraduhing ginagamit ang mga lokal na buwis upang makapagbigay ng mga importanteng lokal na serbisyo, kasama ngunit hindi limitado sa, pulisya, bumbero, pangangalaga ng biglang pangangailangan at trauma, kalusugan ng taong-bayan, mga aklatan, katarungan laban sa krimen, at pagpapanatili ng mga lansangan at kalye. Ang mapagkakatiwalaang pagpondo ng mga serbisyonig ito ay napakahalaga para sa katiwasayan, kapakanan at mabuting katangian ng buhay ng lahat ng mga taga-California.

(b) Maraming taon nang kinukuha ng Lehislatura ang mga lokal na buwis na ginagamit ng mga lokal na pamahalaan upang mapangasiwaan ng estado ang mga lokal na buwis na ito. Ang totoo, taun-taong kinukuha ng Lehislatura ang mga bilyun-bilyong lokal na buwis, na pumipilit sa mga lokal na pamahalaang pataasin ang mga lokal na kabayaran o mga buwis upang patuloy na makapagbigay ng mga serbisyo, o bawasan ang mga lokal na serbisyonig kailangang-kailangan.

(c) Ang pamamahagi sa iba ng Lehislatura ng mga lokal na buwis mula sa mga lokal na pamahalaan ay nakapipinsala sa kakayahan ng mga lokal na pamahalaang magbigay ng mga serbisyonig tulad ng pulisya, bumbero, pangangalaga ng biglang pangangailangan at trauma, kalusugan ng taong-bayan, mga aklatan, katarungan laban sa krimen, at pagpapanatili ng mga lansangan at kalye.

(d) Sa pagkilala ng pinsalang ginagawa ng pamamahagi sa iba ng mga lokal na buwis at ang kahalagahan ng kakayahan ng mga botanteng pangasiwaan ang mga napakahalagang pasiyang nauukol sa pagpopondo ng pamahalaan, at alinsunod sa mga umiiral na tadhana ng Saligang-Batas ng California na nagbibigay sa taong-bayan ng karapatang pagbotohan ang mga pagbabagong piskal, ninanais ng taong-bayan ng Estado ng California ang karapatang pagbotohan ang mga kilos ng pamahalaan ng estado na kumukuha sa mga lokal na buwis mula sa mga lokal na pamahalaan.

(e) Sa BATAS SA MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN ay dinisenyong sa nakaseguro na sa tauhan ng sa Estado ng mga taga-California ay magkakaroon ng sa karapatan na sang-ayunan o tanggihan ang pagkilos ng pamahalaan ng estado sa pagkuha ng lokal na

kita para mapondohan ang mga mahalagang pangangailangan ng mga lokal na serbisyo.

(f) Pinalalakas ng Batas sa mga Lokal na Nagbabayad ng Buwis at Kaligtasan ng Taong-bayan ang pangangailangan na kung iatan ng Estado sa mga lokal na pamahalaang isakatuparan ang mga bago o pinalaking programa, ibalik ng estado sa mga lokal na pamahalaan ang kaniilang ginastos para sa mga programang ito.

(g) Hindi dinadagdagan o binabago ng Batas sa mga Lokal na Nagbabayad ng Buwis at Kaligtasan ng Taong-bayan ang Inisyatibo sa Pagpopondo ng Paaralan, Panukalang-batas 98 (Seksiyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-Batas ng California).

(h) Dahil dito, ipinapahayag ng taong-bayan na ang hangarin ng batas na ito'y:

- (1) Mag-atas ng pagpapatibay ng mga botante bago alisin ng Lehislatura ang mga lokal na buwis mula sa pangangasiwa ng mga lokal na pamahalaan, alinsunod sa inilalarawan sa panukalang ito.

(2) Siguraduhin na ang mga lokal na buwis ay iukol sa mga lokal na pamahalaan upang pondohan ang mga lokal na serbisyo para sa taong-bayan.

(3) Siguraduhin na ibalik ng Lehislatura ang mga ginastos ng mga lokal na pamahalaan kapag mag-aatas ang estado sa mga lokal na pamahalaang balikatin nang may mas mataas na pananagutang pinansiyal ang mga bago o umiiral na programa.

(4) Pagbawalan ang Lehislaturang ipagpaliban o antalahin ang taunang pagbabalik ng mga ginastos ng mga lokal na pamahalaan para sa mga programang inutos ng estado.

SEKSIYON 3. Idadagdag ang Artikulo XIII E sa Saligang-Batas ng California, na nagsasabi:

ARTIKULO XIII E

BATAS SA MGA LOKAL NA NAGBABAYAD NG BUWIS AT KALIGTASAN NG TAONG-BAYAN

SEKSIYON 1. Kailangan ang Pagpapatibay ng mga Botante sa Buong Estado

(a) *Ang pagpapatibay sa pamamagitan ng mga botong nakarami ng mga mangahalal, alinsunod sa seksiyong ito, ay kinakailangan bago magkabisang anumang batas ng Lehislaturang umaalis sa mga sumusunod na pinangagalingan ng pondo, o mga bahagi nito, mula sa pangangasiwa ng anumang lokal na pamahalaan:*

(1) *Binabawasan, o pinipigil ang pagpapairal o inaantala ang pagtanggap ng anumang angkop na kaparte ng lokal na pamahalaan sa lokal na buwis sa ari-arian kapag ginagamit ng Lehislatura ang kapangyarihan nitong paghati-hatiin ang lokal na buwis sa ari-arian; o nag-aatas sa anumang lokal na pamahalaang ipadala ang mga lokal na buwis sa ari-arian sa Estado, sa isang pondong nilikha ng estado, o, nang walang pagsang-ayon ng mga naapektohang lokal na pamahalaan, sa ibang lokal na pamahalaan.*

(2) *Binabawasan, o pinipigil ang pagpapairal o inaantala ang pagtanggap ng Local Government Base Year Fund (Batayang Taunang Pondo ng Lokal ng Pamahalaan) ng anumang lokal na pamahalaan, nang hindi naglalaan ng mga pondo upang balansehin ang pagbabawas, pagkaantala o pagpigil na may pantay na halaga.*

(3) *Itinatakda ang kapangyarihang magpataw, o binabago ang paraan ng pamamahagi, ng lokal na buwis sa pagbibili.*

Panukala 65 (ipinagpapatuloy)

(4) Binabawasan, o pinipigil ang pagpapairal o inaantala ang pagtanggap ng 2003 Local Government Payment Deferral (Ipinagpalibang Bayad ng Lokal na Pamahalaan noong 2003).

(5) Hindi ipinapairal muli ang pinigil na halaga ng Bradley-Burns na Pareparehong Lokal na Buwis sa Pagbibili at Paggamit alinsunod sa Seksiyon 97.68 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ayon sa idinagdag ng Kabanata 162 ng mga Batas ng 2003; o binabawasan ang kaparte ng anumang lokal na pamahalaan sa buwis sa ari-arian na inaatas ng Seksiyon 97.68 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis habang pinipigil ang pagpapairal ng halaga ng buwis sa pagbibili.

(b) Bago iharap sa mga manghahalal, ang isang batas na dapat sumailalim sa pagpapatibay ng mga botante alinsunod sa seksiyong ito ay dapat sang-ayunan ng pagboto ng Lehislatura na kaparehong kailangan upang pagtibayin ang isang panukalang-batas sa badyet at hindi ito magkakabisa hanggang hindi pa sinang-ayunan ng karamihan ng mga bumoboto sa panukala sa susunod na halalang gaganapin sa buong estado alinsunod sa subdibisyon (c).

(c) Kapag kinakailangan ang isang halalang alinsunod sa seksiyong ito, iharap ng Sekretaryo ng Estado ang mga sumusunod na tanong sa mga manghahalal: “Dapat bang sang-ayunan ang kilos ng Lehislatura na inilalarawan sa [Kabanata ___ ng mga Batas ng ___] na umaapekto sa mga lokal na kita?”

SEK. 2. Mga Katuturan

(a) Ang “lokal na pamahalaan” ay anumang lungsod, county, lungsod at county, o mga espesyal na distrito.

(b) Ang “Batayang Taunang Pondo ng Lokal ng Pamahalaan” ay ang halaga ng kitang inilaan noong 2002-03 taong piskal alinsunod sa Bahagi 5 (nagsisimula sa Seksiyon 10701) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, na taun-taong inaakma batay sa pagbabago ng tinasang pagpapahalaga ng mga sasakyang sumasailalim sa mga tadhana ng ito ng batas. Kung sakaling ipawalang-bisa ang mga kabayaranang napataw alinsunod sa mga tadhana ng ito ng batas, taun-taong iaakma ang pondo sa ika-1 ng Hulyo ayon sa isang halagang hindi mas liliit sa porsiyentong pagbabago sa pansariling kita ng bawat ulo (per capita) at sa pagbabago sa populasyon, na kinakalkula alinsunod sa Artikulo XIII B.

(c) Ang “Ipinagpalibang Bayad ng Lokal na Pamahalaan noong 2003” ay ang halaga ng mga kitang kailangan ilipat sa lokal na pamahalaan mula sa Pangkalahatang Pongong binanggit sa subparagrapo (D) ng talata (3) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 10754 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis na may bisa noong ika-11 ng Agosto 2003.

(d) Ang “Lokal na buwis sa ari-arian” ay ang angkop na kaparte ng anumang lokal na pamahalaan noong ika-1 ng Enero 2003 sa mga buwis na batay sa halaga sa ari-arian lupa't bahay at nasasalat na pansariling ari-arian na pinaghati-hatiin alinsunod sa pagpapatuloy ng Lehislatura ng kapangyarihan nitong paghati-hatiin ang mga buwis sa ari-arian batay sa Seksiyon 1 ng Artikulo XIII A. Ang “lokal na buwis sa ari-arian” ay ang kaparte din ng anumang lokal na pamahalaan sa buwis na batay sa halaga sa ari-arian lupa't bahay at nasasalat na pansariling ari-arian alinsunod sa Seksiyon 16 ng Artikulo XVI.

(e) Ang “lokal na buwis sa pagbibili” ay ang anumang buwis sa pagbibili at paggamit na napataw ng anumang lungsod, county, o lungsod at county alinsunod sa mga tadhana ng Bradley-Burns na Batas sa Pareparehong Lokal na Buwis sa Pagbibili at Paggamit (Bahagi 1.5 (nagsisimula sa Seksiyon 7200) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis) alinsunod sa batas na may bisa noong ika-1 ng Enero 2003.

(f) Ang “espesyal na distrito” ay isang ahensiya ng Estado, na nilikha alinsunod sa kalakarang batas o espesyal na batas, para sa lokal na pagganap ng mga tungkuling pampamahalaan o pang-ari-arian na may mga limitadong hanggang pangheograpiya, kasama ang mga ahensiya ng muling pagpapaulad, ngunit hindi kasama ang mga distrito ng pampaaralan, mga distrito ng kolehiyong pampamayanan o mga opisina ng edukasyon sa county.

(g) Ang “estado” ay ang Estado ng California.

SEK. 3. Mga Pansamantalang Panukala

(a) Ang pagpapatatapos at epekto ng anumang batas, o bahagi nito, na pinagtibay sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2003 at ng petsa ng pagkabisa ng artikulong ito, na mangangailangan ng pagpapatibay ng mga botante alinsunod sa Seksiyon 1 kung pinagtibay man sa petsa ng pagkabisa ng batas na ito o pagkatapos (ang “pansamantalang batas”), ay bibinbinin sa petsang ito at mawawalang-bisa sa hinaharap hanggang sa petsa ng pagsang-ayon sa pansamantalang batas ng mga botante sa umang halalang gaganapin sa buong estado na sumusunod sa petsa ng pagkabisa ng artikulong ito sa isang paraang tiniyak sa Seksiyon 1. Kung hindi sang-ayunan ng mga botante ang pansamantalang batas, mawawalan na ito ng bisa sa hinaharap.

(b) Kung sang-ayunan ng mga botante ang pansamantalang batas, ito'y mawawalan pa din ng bisa sa hinaharap sa loob ng panahon ng pagpigil ng pagpapairal nito; gayunman, ang kondisyon ay magkakabisa ang batas sa loob ng panahon ng pagpigil ng pagpapairal nito kung ang pansamantalang batas o ang isang magkahiwalay na batas ng Lehislatura'y maglalaan ng mga pondo sa mga naapektohang lokal na pamahalaan na may halagang hindi mas liliit sa mga kitang naapektohan ng pansamantalang batas.

(c) Ang isang batas o ibang panukalang isinakatuparan ng Lehislatura at sinang-ayunan ng mga botante sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2003 at ng petsa ng pagkabisa ng artikulong ito ay hindi ituturing bilang pansamantalang batas alinsunod sa kahulugan ng bahaging ito.

SEKSIYON 4. Babaguhin ang Seksiyon 6 ng Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California at ito'y magsasabing:

SEK. 6. (a) Kung kailanmag mag-aatas ang Lehislatura o anumang ahensiya ng estado ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa anumang lokal na pamahalaan, magkaloob ang Estado ng taunang pondo upang mabayaran ang mga ginastos ng ganitong lokal na pamahalaan sa mga ganitong programa o mas mataas na antas ng serbisyo, maliban na lamang na maaari ngunit hindi nangangailangang magkaloob ang Lehislatura ng mga ganitong pondo para sa mga sumusunod na utos:

(1) Mga pambatasang utos na hinihingi ng lokal na ahensiyang naapektuhan;

(2) Batas na nagbibigay ng katuturan ng isang bagong krimen o bumabago sa isang umiiral na katuturan ng isang krimen;

(3) Mga pambatasang utos na pinagtibay bago sumapit ang ika-1 ng Enero 1975, o mga utos ng pangulo o mga alituntuning unang-una'y nagpapatuloy ng batas na pinagtibay bago sumapit ang ika-1 ng Enero 1975.

(b) Ang taunang paglalaan ng mga pondo na inaatas ng seksiyong ito ay ibibigay sa lokal na pamahalaan sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagkabisa ng batas o alituntunin o utos ng isang opisyal ng estado o ahensiyang nag-uutos ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo, o sa loob ng 180 araw mula sa huling paghahatol na ang isang paglalaan ng mga pondo'y kailangan alinsunod sa seksiyong ito. Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang Lehislatura o anumang ahensiya o opisyal ng estado ay nag-uutos ng isang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo kapag siya'y lumilikha ng isang bagong programa, nag-aatas ng mga serbisyo hindi dating kinakailangang ibigay, pinatataas ang kadalasan o tagal ng mga kinakailangang serbisyo, pinatataas ang dami ng mga taong may karapatang tumanggap ng mga serbisyo, o lumilipat sa lokal na pamahalaan ng buo o bahagyang pananagutang pinansiyal para sa isang programa kung saan ang Estado dati ay may buo o bahagyang pananagutang pinansiyal.

(c) Kung, sa panahon ng taong piskal kung kailan may isang paghahabol na iniharap para sa isang paglalaan ng pondo, hindi maglaan ang Lehislatura ng pondo na nagtatadhana ng buong pagbayad ayon sa inaatas ng subdibisyon (a), o kaya'y hindi maglaan ng pondong nagtatadhana ng buong pagbayad bilang bahagi ng batas sa badyet ng estado sa taong piskal na kaagad sumusunod sa pagharap ng paghahabol na ito para sa pagbayad, maaaring magpasiya ang isang lokal na pamahalaang gawin ang anuman sa mga sumusunod na opsiyon:

(1) Patuloy na sundin ang utos. Mataatagap ng lokal na pamahalaan ang bayad para sa mga ginastos nito upang sundin ang utos sa pamamagitan ng isang sumusunod na laang-gugulin at paglalaan ng pondo.

(2) Pipigilin ang pagpapairal ng utos sa loob ng lahat o isang bahagi ng taong piskal kung kailan ginawa ang halalang sinang-ayunan batay sa subdibisyon (a). Maaaring patuloy na pigilin ng lokal na pamahalaan ang pagpapairal ng utos sa loob ng lahat o isang bahagi ng mga sumusunod na taong piskal hanggang sa taong piskal kung kailan maglaan ang Lehislatura ng mga pondo para sa buong pagbayad ayon sa inaatas ng subdibisyon (a). Tatanggap ang isang lokal na pamahalaan ng bayad para sa mga ginastos nito noong yaong bahagi ng taong piskal kung kailan sinunod nito ang utos sa pamamagitan ng isang sumusunod na laang-gugulin at paglalaan ng pondo.

Ang mga tadhana ng subdibisyon ito ay hindi maiaangkop, at ang isang lokal na pamahalaan ay hindi maaaring gawin ang halalang itinatatadhana sa subdibisyon ito para sa isang utos na nag-aatas sa isang lokal na pamahalaang magbigay o magbago ng anumang uri ng pagkalinga, karapatan, benepisyo o katayunan ng paglilingkod para sa anumang empleado ng lokal na pamahalaan o retirado, o nagbibigay o nagbabago sa anumang pampanuntunan o makabuluhang karapatan ng anumang empleado ng lokal na pamahalaan o kapisanan mga empleado, na nangagaling, umaapekto o tuwirang kaugnay ng hinaharap, kasalukuyan o dating paglilingkod sa lokal na pamahalaan.

(d) Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang “utos” ay isang batas, o kilos o kautusan ng anumang ahensiya ng estado, na natiyak ng Lehislatura, anumang hukuman o ng Komisyon sa mga Utos ng Estado o ng hinirang na kahalili nito na nag-aatas sa pagbayad alinsunod sa seksiyong ito.

SEKSIYON 5. Pagtatayo

(a) Ang panukalang ito'y malayang pakahuluganan upang isakatuparan ang mga hangarin nito, na kasama ang paglahok ng mga sapat na pondo sa lokal na pamahalaan para sa mga lokal na serbisyo, kasama ngunit hindi limitado sa mga serbisyong tulad ng pulisya, bumbero, pangangalaga ng biglang pangangailangan at trauma, kalusugan ng taong-bayan, mga aklatan, katarungan laban sa krimen, at pagpapanatili ng mga lansangan at kalye.

(b) Ang panukalang ito'y hindi pakahuluganan upang baguhin ang pamamahagi ng buwis sa ari-arian lupa't bahay na batay sa halaga alinsunod sa Seksiyon 1 ng Artikulo XIII A ng Saligang-Batas ng California sa pamamagitan ng anumang batas na may bisa bago sumapit ang ika-1 ng Enero 2003, o upang pigilin ang Lehislaturang baguhin ang pamamahaging ito alinsunod sa mga tadhana ng panukalang ito.

(c) Maliban na lamang kung may naibang itadhana ang Seksiyon 3 ng Artikulo XIII E ng Saligang-Batas ng California ayon sa idinagdag ng Seksiyon 3 ng batas na ito, ang mga tadhana ng Seksiyon 1 ng Artikulo XIII E ng Saligang-Batas ng California ayon sa idinagdag ng Seksiyon 3 ng batas na ito ay maiaangkop sa lahat ng mga batas na ipinagtibay sa petsa ng pagkabisa ng batas na ito o pagkatapos.

SEKSIYON 6. Kung ang anumang bahagi ng panukalang ito o ang pagkaangkop nito sa anumang tao o kalagayan ay ipinawalang-bisa ng isang hukumang may angkop na kapangyarihan, ang pagkawalang-bisa ay hindi aapekto sa mga ibang tadhana o pagkaangkop na makatwirang maaaring mabigyang-bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o pagkaangkop.

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN

OKTUBRE

Ika-4 ng Oktubre 2004

Unang araw ng paghaharap ng kahilingan upang makaboto bagaman at di makakapunta sa lugar ng botohan sa araw ng halalan sa pamamagitan ng koreo

Ika-18 ng Oktubre 2004

Huling araw ng pagpapatala para bumoto

Ika-26 ng Oktubre 2004

Huling araw ng pagtanggap ng mga opisyal ng county ng mga kahilingan para makaboto bagaman at di makakapunta sa lugar ng botohan sa araw ng halalan sa pamamagitan ng koreo.

LIN	LUN	MAR	MIY	HUW	BIY	SAB
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

Huwag Kalimutang Bumoto!

Ang mga botohan ay bukas mula 7 ng umaga hanggang 8 ng gabi.

NOBYEMBRE

LIN	LUN	MAR	MIY	HUW	BIY	SAB
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30				

Ika-2 ng Nobyembre 2004

Huling araw ng paghaharap ng kahilingan para makaboto ang nagnanais bagaman at di makakapunta sa botohan sa araw ng halalan, sa pamamagitan ng pagpunta ng personal sa opisina ng opisyal ng halalan gn kanilang county

Ika-2 ng Nobyembre 2004

ARAW NG HALALAN!

www.ss.ca.gov

HINDI MO BA MAHANAP ANG LUGAR KUNG SAAN KA NARARAPAT BUMOTO?

Ituturo ka namin sa tamang landas.

www.ss.ca.gov



BISITAHIN ANG AMING WEBSITE UPANG:

- Mahanap ang lugar kung saan ka nararapat bumoto
- Saliksikin ang mga ambag sa kampanya
- Panoorin ang resulta ng halalan ito ay nangyayari
- Kumuha ng mga kaalaman ukol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo
- Tingan ang listahan ng mga kandidato

PROSESO NG PAGBOTO NG MGA NAGNANAIS BUMOTO BAGAMAT DI MAKAKAPUNTA SA LUGAR NG BOTOHAN

Ang sinumang rehistradong botante ay maaaring bumoto ng hindi kinakailangang pumunta sa lugar ng botohan. Sa halip na pumunta sa lugar ng botohan upang bumoto sa araw ng halalan, maaari kang magsampa ng kahilingan na mapadalhan ng balota, na iyong kumpletuhin at ibabalik sa opisyal ng halalan.

Para magsampa ng kahilingan para sa isang balotang ipinapadala lamang, maaari mong gamitin ang mga nakasulat sa iyong sampol na Balota, na matatanggap mo bago sumapit ang baw't halalan, o maaari kang humiling sa ng kopya pamamagitan ng pagsulat sa opisyal ng halalan sa iyong county. Kailangan mong ipadala ang isang nakumpletong kahilingan o sulat sa opisyal ng halalan sa iyong county sa loob ng 29 araw hanggang 7 araw bago sumapit ang halalan. Ang kahilingan o sulat ay dapat magtaglay ng:

1. iyong pangalan at direksiyon ng tirahan na nakasulat sa iyong tarheta ng pagkarehistro (registration card);
2. ang direksiyon kung saan dapat ipadala ang balotang iyong hiniling na ipadala sa iyo upang ikaw ay makaboto ng hindi na kinakailangang pumunta sa lugar ng botohan (kung naiiba sa iyong direksiyon na nakarehistro sa pangalan mo);
3. ang pangalan at petsa ng halalan kung saan mo nais bumoto sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong boto; at
4. ang petsa at ang iyong pirma.

Matapos maproseso ang iyong kahilingan ng mga opisyal ng halalan sa iyong county, ipadadala sa iyo ang nararapat na uri/stilo ng balota. Matapos mong bumoto, ilagay ang iyong balota sa sobrang nakalakip para sa layuning ito, at siguraduhin na naisulat mo ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa sobra. Maaari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng:

1. pagpadala nito sa koreo sa opisyal ng halalan sa iyong county;
2. pagpunta ng personal sa isang lugar ng botohan o tanggapan ng halalan sa iyong county sa Araw ng Halalan; o
3. pagbigay-kapangyarihan sa isang pangatlong panig na pinahihintulutan ng batas (isang kamag-anak o tao na tulad mo'y naninirahan sa kaparehong sambayanan) na ibalik ang balota sa ngalan mo.

Maski anuman ang paraan kung paano ibinabalik ang balota, ito'y DAPAT matanggap bago magsara ang mga pagbobotohan (8 ng gabi) sa Araw ng Halalan. Hindi bibilangin ang mga balota ng mga botanteng nagpapadala lamang na nahuling dumating.

Matapos matanggap ng opisyal ng halalan ng iyong county ang balotang ipinadala mo, ihahambing ang iyong pirma sa sobrang ginamit sa pirma sa iyong tarheta ng pagkarehistro bilang botante (voter registration card) upang tiyakin na ikaw nga ang sinang-ayunang botante. Upang panatilihin lihim ang laman ng iyong balota, aalisin ang balota sa sobra at ito'y magiging kasing lihim at walang pangalan gaya ng ibang balota.

MAGHARAP NG KAHILINGAN UPANG MAGING ISANG PERMANENTENG BUMOBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO:

Ang sinumang botante ay maaaring magharap ng kahilingan upang maging PERMANENTENG BOTANTENG NAGPAPADALA LAMANG (alinsunod sa Kodigo ng Eleksiyon § 3201). Ang mga botanteng ito ay awtomatikong padadalhan ng isang balotang ipinapadala sa koreo (vote-by-mail ballot) para sa baw't eleksiyon at hindi na nila kailangang magsampa ng kahilingan sa baw't pagkakaton. Mangyaring makipag-usap sa opisyal ng eleksiyon sa iyong county upang humiling na maging isang permanenteng botanteng nagpapadala sa koreo kung nais mong tumanggap ng mga balotang ipinapadala sa koreo para sa lahat ng mga eleksiyon sa hinaharap. Upang malaman kung sino ang opisyal ng halalan sa iyong county, bumista sa www.ss.ca.gov/elections/elections_d.htm at matatagpuan dito ang isang listahan ng impormasyong para makipag-ugnayan sa lahat ng mga opisyal ng halalan sa mga county.

Secretary of State
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

FIRST CLASS MAIL
U.S. POSTAGE
PAID
SECRETARY OF
STATE

myVote COUNTS



Pangkalahatang Halalan

Upang makatanggap ng mga karagdagang kopya ng Patnubay para sa Botante sa anuman sa mga sumusunod na wika, mangyaring tawagan:

English: 1-800-345-VOTE (8683)

Español/Spanish: 1-800-232-VOTA (8682)

日本語 /Japanese: 1-800-339-2865

Việt ngữ/Vietnamese: 1-800-339-8163

Tagalog/Tagalog: 1-800-339-2957

中文/Chinese: 1-800-339-2857

한국어/Korean: 1-866-575-1558

www.voterguide.ss.ca.gov

Opisyal na Patnubay para sa Botante

Karagdagan

Sa pagsisikap na bawasan ang mga gastos sa halalan, binigyang-kapangyarihan ng Batasan ng Estado ang Estado at mga county na ipadala sa koreo ang isa lamang patnubay sa mga address kung saan naninirahan ang higit sa isang botante na may iisang apelyido. Maaari kang kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pagsulat sa opisyal ng halalan sa iyong county o pagtawag sa 1-800-339-2957.

